Ang Ikaanim na Tatak

Jeffersonville, Indiana, USA
Marso 23,1963

1 Sumandali tayong magsiyuko ngayon. Panginoon, kami ay muling nagkakatipon para sa gawain. At naiisip namin ang pagkakataon nung unang panahon kapag sila ay pumapanik sa Shiloh para pagpalain ng Panginoon. At ngayon, sa gabing ito ay nagkatipon kami rito upang duminig ng Iyong Salita. At tulad sa pinag-aaralan namin sa bahaging ito ng Kasulatan, na ang Cordero lamang ang nag-iisang makapagbubukas ng mga Tatak o makakakalas ng mga iyon... At idinadalangin namin sa gabing ito habang binubulay namin ang dakilang Ikaanim na Tatak na ito, samo namin, makalangit na Ama, na buksan ito sa amin ngayong gabi ng Cordero, upang ito'y maunawaan namin. At nung walang sinuman sa lupa at sa langit na may kakayahan, ang Cordero lamang ang nasumpungang may kakayahan. Kaya't yaon nawang Isang Sapat sa lahat ay dumating at buksan ang Tatak para sa amin ngayong gabi upang magawa naming makatingin nang lampas sa tabing ng panahon. Makatutulong ito sa amin, sa aming paniwala, Ama, sa napakadilim at makasalanang panahong kinabubuhayan namin—makatutulong ito sa amin at makapagbibigay ng lakas ng loob. Nagtitiwala kami ngayon na nakasumpong kami ng biyaya sa Iyong paningin. Ipinagtitiwala namin ang aming mga sarili kasama ng Salita sa Iyo, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

2 Magandang gabi, mga kaibigan. Isang prebilehiyong maparito muli ngayong gabi, upang makapaglingkod sa Panginoon. Medyo nahuli lang ako. Kapupunta ko lang sa isang emergency ng isang lalaking naghihingalo—isang miyembro ng iglesiang ito. Ang nanay niya ay nagsisimba rito. At ang sabi nila mamamtay na ang lalaking iyon, kaya't pumaroon ako at nakakita ako ng isang anino ng lalaking nakahiga sa kama, naghihingalo, isang lalaking halos kasing edad ko. At sa loob ng isang sandali, nakita kong tumayo ang lalaking iyon, na nagpupuri sa Panginoon. At kaya nga ang Diyos, kung magiging laan tayong magpahayag ng ating mga kasalanan, at gawin kung ano ang tama, at manghingi ng awa, tumawag sa Kaniya, laan at naghihintay Siyang ito'y ipagkaloob sa atin. At ngayon, alam kong maalinsangan dito ngayong gabi, at—at ito'y... (Hindi, wari ko'y lubos nang naisara ang pampainit.) at tayo'y... Napansin ko kagabi, o ngayong araw na ito ay ikapitong araw ko na sa silid na walang liwanag (bumbilya lamang. Kita n'yo?) sa pag-aaral at pananalangin upang buksan ng Diyos ang mga Tatak na ito.

3 At napakaraming sumulat sa bunton ng mga katanungan kagabi, hindi naman talaga mga katanungan, kundi nais nilang magkaroon ng healing service, nais nilang manatili ng isa pang araw upang makapagdaos ng healing service sa Lunes. Kaya't maaari kong... Sa katunayan ay maaari kong gawin 'yon kung nais ng mga taong gawin ang gayon. Maaari n'yo itong pag-isipan, ipaalam n'yo sa akin, ngunit kung sadyang gusto n'yong manatili at maipanalangin ang mga maysakit, sapagkat itinalaga ko ang buong panahong ito sa mga Tatak at inilalaan ko ang aking sarili para sa mga Tatak. Kaya't maaari n'yo itong pag-isipan at ipanalangin, pagkatapos ay ipaalam n'yo sa akin.

4 At aking, kung loloobin ng Panginoon, maaari kong... Ang susunod kong appointment ay sa Albuquerque, New Mexico, at iyon ay sa susunod pang ilang araw, at kailangan kong umuwi para sa isang pakikipag-usap tungkol sa isa pang kumbensyon na nakahanda na sa Arizona. Kaya nga kung ito'y kalooban ng Panginoon, ipanalangin n'yo at ganu'n din ang gagawin ko, at higit nating malalaman ang tungkol do'n sa di katagalan. At nadarama ko ngayon pa lang... Mangyari kasi kapag nangungusap ka tungkol sa karamdaman heto na ka'gad. Kita n'yo? Kita n'yo ang babaeng ito na nakaupo rito, kung hindi siya matutulungan, hindi na siya magtatagal dito. Kaya't, kita n'yo, sadyang idinadalangin natin na ang Diyos ay... Iyan ang dahilan kung kaya't naririto ka. Nanggaling ka sa malayo... Kaya kita n'yo, sadyang alam ng Espiritu Santo ang lahat ng bagay (Nauunawaan n'yo ba?), kaya Siya'y... Subalit nauunawaan n'yo ba, sinikap kong italaga ang panahong ito para sa mga Tatak sapagkat ito'y itinakda natin para do'n. Nauunawaan n'yo ba? Ngunit kung mayroong isang...

5 Ilan ba ang may sakit dito na pumarito upang maipanalangin? Tignan natin ang inyong mga kamay, nasa lahat ng dako. Ay, naku. Buweno, ilan ba ang may palagay na magiging tama at kalooban ng Panginoon na manatili tayo dito at kunin natin ang Lunes ng gabi para lang maipanalangin ang mga maysakit, na magdaos tayo ng healing service sa Lunes ng gabi? Nais n'yo bang gawin 'yon? Magagawa n'yo ba? Buweno, kung kalooban ng Panginoon, iyon ay gagawin natin. Kita n'yo? Magdadaos tayo ng gawain ng pananalangin para sa mga maysakit sa Miyerkules, o sa Linggo ng gabi, o sa Lunes ng gabi at ipananalangin natin ang mga maysakit. Ngayon, sana ay hindi ko nagagambala ang grupong kasama kong babalik sa Arizona. Brother Norman, narito ba siya? Nakagagambala ba 'yon sa programa mo, Brother Norman, o anuman? Brother Fred at ang iba pa sa inyo, ayos lang ba 'yon? Nauunawaan n'yo ba? Ayos 'yon. Sige, kung gayon kung loloobin ng Panginoon, mananalangin tayo para sa mga maysakit sa

Lunes ng gabi. Isang gabi lang na ating itatalaga sadyang para do'n, mananalangin lang tayo para sa mga maysakit. Ngayon, hindi na 'yon magkakaron ng kinalaman sa mga Tatak. Binuksan na ng Panginoon ang mga Tatak, at mananalangin na tayo para sa mga maysakit sa Lunes ng gabi.

6 Ngayon... Oh, ito'y labis kong ikinasisiya, ang maglingkod sa ilalim ng mga... Nasiyahan ba kayo

dito...? Ngayon, tayo ngayon ay mangungusap mula sa Ikalimang Tatak—o sa Ikaanim na Tatak, pala, at sasakupin niyan ang mula sa ika-12 talata ng ika-6 na kabanata hanggang sa ika-17 talata. Isa ito sa mahahabang mga Tatak, at marami-raming bagay ang magaganap dito.

7 At ngayon ang isang... Magbabalik-tanaw tayo nang kaunti tungkol sa tinalakay natin kagabi, medyo bumabalik tayo nang kaunti sa bawat pagkakataon. At nais ko ring sabihin ang isang bagay. Nakakita ako sa kahon ng apat o limang napakahalagang bagay sa akin. Nasabihan ako na... At tunay ngang nais kong humingi ng paumanhin... Gumagana na ba ang tape? Gumagana na ang tape? Nais kong humingi ng paumanhin sa mga kapatid kong ministro at sa inyong mga taong naririto. Ang sabi nila nung isang gabi nung nangungusap ako tungkol kay Elias, nang oras na iyon—nang sila ay... Akala niya siya lang ang makakasama sa pag-agaw, o siya lang ang maliligtas; at ang sinabi ko ay pitong daan sa halip na pitong libo. Tama ba? Buweno, tunay na humihingi ako ng paumanhin tungkol do'n, mga kapatid. Mas mainam ang alam ko kaysa do'n. Nadulas lang ako sa pagsasalita, dahil alam ko namang iyon ay pitong libo. Hindi ko lang nasabi nang tama. A—ako'y... At nagpapasalamat ako sa inyo at ako'y... Ang ibig sabihin nu'n ay...

8 Natutuwa akong binabantayan n'yo ang aking sinasabi, at nakita n'yo sa pagkakataong iyon, na... Dahil iyon ay pitong libo. Nakatanggap ako ng dalawa o tatlong maikling sulat tungkol dito. Ang sabi, "Brother Branham, wari ko'y nagkamali ka," sabi pa, "Hindi ba't pitong libo 'yon sa halip na pitong daan?" Naisip ko, "Tiyak na di ko sinabing pitong daan." Kita n'yo? Na ang isang... At ako ay... Si Billy... At bago ko pa malaman, may nakuha na naman akong isang sulat at ang sabi, "Brother Branham, wari ko'y ang sabi mo'y pitong daan." At may isang taong nagsabi, "Brother Branham, iyon ba ay isang espirituwal na pangitain na—na magkakaroon ng isang tipo at itinitipo mo sa pitong..." Nababalisa ang mga tao kapag pinag-iisipan ang mga bagay na ito (Kita n'yo?), at sapat ito upang magbunsod ng gayon. May nangyari ngayong araw nang maihayag ang Tatak na ito, na kinailangan kong lubusang lumabas sa bakuran, nagpalakad-lakad lang ako sandali. Tama.

Sadyang halos di ako makahinga gawa nito. Kita n'yo? Kaya't ang lahat ng ito'y... Isang tension, ay, naku... Kita n'yo? At isa pa (Kita n'yo?), sumasalig kayo sa aking sinasabi, at pananagutin ako ng Diyos sa kung anong sinasabi ko sa inyo. Kita n'yo? At kaya nga dapat akong maging tiyak na tiyak hangga't maaari (Kita n'yo?), tungkol sa mga bagay na ito, sapagkat napakatindi ng panahon na kinabubuhayan natin.

9 Iniisip ko ang tungkol sa healing service para sa Lunes ng gabi. Hindi ba 'yon makagagambala sa iyo, Brother Neville, o anuman? Ang mahal nating si Brother Neville, sinasabi ko sa inyo. Nag-iisa lang siyang ginawa nila, sa wari ko, pagkatapos ay naiwala na nila ang padron. Isang... Tunay ngang naging isa siyang napakalapit na kaibigan sa akin; sasabihin ko sa inyo. Ang Tabernakulo ay nakagawa na at nakapag-ayos na rito ng mga silid para sa Sunday school at iba pa. At kung ilan sa inyong mga nasa bandang ito, sa Jeffersonville, ay nagnanais na magsimba, mayroon kayong isang magandang lugar at isang dakong mapupuntahan—may mga silid para sa Sunday school, mayroong mahusay na guro at si Brother Neville naman ang para sa klase ng matatanda, at isang tunay na pastor. Hindi ko sinasabi 'yan upang bigyan siya ng bouquet, subalit mas gugustuhin ko nang bigyan siya ng isang munting rosas ngayon kaysa ng isang buong korona ng bulalak pagkatapos niyang mamatay. At si Brother Neville ay kilala ko na mula nang ako'y bata pa, at ngayon, hindi siya nagbago kaunti man. Siya'y si Orman Neville pa rin, tulad ng dati.

10 Naaalala ko nang bumisita ako... Naging mabiyaya siya upang hilingan akong mangaral nung siya ay isa pang mangangaral na Methodist dito sa siyudad. At mayroon kami dating isang mainam na kongregasyon doon sa Clarksville. O, sa wari ko'y Howard Park ang tawag do'n... Harrison Avenue Methodist Church. Sa palagay ko'y malamang na doon ka niya nakita, Sister Neville. Sa lugar na iyon, sapagkat siya ay taga ro'n. Bumalik ako, at sinabi ko sa iglesiang ito; ang sabi ko, "Isa iyon sa pinakamabait na lalaki, at isa sa mga araw na ito ay babautismuhan ko siya sa Pangalan ng Panginoong Jesus." At nangyari nga 'yon. Heto siya, at ngayon siya'y kaibigan kong matalik, laging nasa tabi ko, at isang marangal at kagalang-galang na lalaki. Lagi siyang nakaagapay sa akin sa abot ng kaniyang makakaya. Sadyang sinasamahan niya ako anuman ang sabihin ko at nandiyan siya palagi. Kahit nung una siyang dumating, hindi pa niya naiintindihan ang mensahe no'n, ngunit sinampalatayanan niya, at nanatili siya ro'n. Isa iyong karangalan; pagrespeto 'yan sa isang kapatid na tulad niyan.

Hindi ko kayang mangusap nang sapat para sa kaniya, at ngayon ay pagpalain nawa siya ng Panginoon.

11 Sige. Ngayon, isang pagbabalik-tanaw sa pagbubukas ng Ikalimang Tatak kagabi. Hindi tayo magbabalik nang lubusan ngayong gabi, sapat lang upang makuha natin ang Ikalimang Tatak. Ngayon, nakita natin na mayroong anticristong nangabayo, ipinihit niya ang kaniyang sarili mula sa tatlong kapangyarihan, ang lahat ng mga ito ay nauwi sa isang kapangyarihan at sinakyan niya ang kabayong abuhin, kamatayan, patungo sa walang hanggang hukay papasok sa impiyerno kung saan ito nanggaling. At nakita natin na sinasabi ng Kasulatan na kapag dumarating ang kaaway tulad sa isang baha, ang

Espiritu ng Diyos ay nagtataas ng isang pamantayan laban dito. At nakita nating ganap iyong nabindika sa Salita kagabi. 33 Sapagkat may lumabas na apat na hayop na sumagot sa apat na pagkakataong nangabayo ang mangangabayong ito, at magkakaibang kabayo ang sinakyan niya sa bawat pagkakataon—isang kabayong puti, at pagkatapos ay isang kabayong pula, at isang kabayong itim, at pagkatapos ay isang kabayong abuhin. At nalaman natin kung ano'ng ibig sabihin ng mga kulay na iyon at kung ano ang kanilang ginawa; at dinala natin ito sa mga kapanahunan ng iglesia at ganung-ganu'n nga ang nangyari, sadyang tamang-tama. Samakatuwid ay makikita n'yo, kapag ang Salita ng Diyos ay nagtutugma, ang ibig sabihin niyon ay tama ito. Nakikita n'yo ba? Kayo'y... Naniniwala ako na anumang bagay na umaakma sa Salita ng Diyos sa tuwina ay, "Amen." Kita n'yo?

12 Ngayon, tulad ng may isang taong nagsabing nakakita raw siya ng isang pangitain, at ang sabi, ganun nga iyon... Oh, alam nilang ang Panginoon ang nagbigay niyon dahil dumating ito na may dakilang kapangyarihan. Buweno, maaaring ayos lang pangitaing iyon, ngunit kung hindi iyon ayon sa Salita at salungat pa nga, hindi iyon tama. Ngayon, marahil ay naririto sila, mga kapatirang Mormon, at marahil ilan sa kanila ay nakakukuha na ng mga tape ngayon. At ayaw kong sabihin na... Ilan sa mga pinakamabubuting tao na nais n'yong makilala ay nasa kalipunan ng mga Mormon, napakabuting uri ng mga tao; at ang kanilang propeta, si Joseph Smith, ay pinatay ng mga Methodist dito sa Illinois, nang maglakbay sila dito... At kaya nga ang mabuting lalaking iyon... At ang pangitain, di ko pinagdududahan kaunti man na nakita niya nga ang pangitaing iyon. Naniniwala ako na siya'y isang sinserong tao, ngunit ang pangitaing nakita niya ay salungat sa Kasulatan; kung kaya't kinailangan nilang

magkaroon ng Bibliang Mormon upang iyon ay magawa nila. (Kita n'yo?) Ito na 'yon para sa akin. Ito ay... Iyan ang dahilan. Ang Salita lamang; iyon lang. Kita n'yo?

13 Minsan may isang ministro na pumarito mula sa isang banyagang bansa, at siya—nakita ko siyang lumabas kasama ang isang—o nagpapagalagala sakay ng isang kotse kasama ang isang babae. At dumalo sila sa isang pagtitipon. At nalaman ko na bumiyahe sila ng dalawa o tatlong araw (silang dalawa lang), upang makadalo sa pagtitipon nang magkasama; at ang babae ay nakasal na nang tatlo o apat na beses. At ang ministrong ito ay lumapit sa kinaroroonan ko sa lobby ng hotel at nakipagkamay sa akin, at kinamayan ko siya, tumayo ako at nakipag-usap sa kaniya. Tinanong ko siya; ang sabi ko, "Kapag libre ka, maaari bang makausap kita sandali sa aking silid?" Ang sabi niya, "Aba'y sige, Brother Branham." Dinala ko siya sa silid, at sinabi ko sa ministro; ang sabi ko, "Reverend, kayo po ay estranghero sa bayang ito," ika ko, "ngunit ang babaeng ito ay kilalang-kilala." Ang sabi ko, "Nanggaling kayo sa Ganito-at-ganiyang lugar patungo sa Ganito-atganiyang lugar?" Aniya, "Opo." At ang sabi ko, "Hindi ka ba nangangamba na iyon ay medyo... Hindi kita pinagdududahan, ngunit hindi mo ba naiisip na mababahiran niyan ang iyong reputasyon bilang isang ministro? Hindi mo ba naiisip na dapat tayong magpakita ng mas magandang ehemplo kaysa diyan?" At ang sabi niya, "Ah, banal ang babaeng ito." Ang sabi ko, "Di ko pinagdududahan 'yan," ngunit ika ko, "pero, kapatid, ang problema ay di banal ang lahat ng tumitingin sa kaniya. (Kita n'yo?), na nakakakita sa inyong ginagawa." At ang sabi ko pa, "Palagay ko'y dapat kang mag-ingat. Iyan ay paalala lamang ng isang kapatid sa kapatid." At ang sabi niya... Ang sabi ko, "Apat o limang beses nang naikasal ang babaeng iyon." At ang sabi niya, "Oo, alam ko 'yon." Aniya, "Alam mo..." Ang sabi ko, "Hindi mo 'yan itinuturo sa inyong simbahan, tama ba, kapatid?" Kaya't ang sabi niya, "Hindi, ngunit" aniya, "alam mo, nagkaroon ako ng pangitain tungkol dito, Brother Branham." Ang sabi ko, "Buweno, mabuti 'yon." Ang sabi ko... Ang sabi niya, "Ayos lang ba sa iyo?" Aniya, "Palagay ko maitutuwid kita nang kaunti sa iyong katuruan tungkol do'n."

At ang sabi ko, "Sige." At—at ang sabi niya—ang sabi ko, "Ikagagalak kong pong malaman 'yon." Ang sabi niya, "Buweno," aniya, "alam mo, sa pangitaing ito," ika niya pa, "Natutulog ako." At ang sabi ko, "Talaga." (Nakita ko no'n na isa iyong panaginip, kita n'yo.)

14 At ang sabi niya, "Ang asawa ko ay nakikisama sa ibang lalaki," at sabi pa niya, "at pinagtataksilan ako." At aniya pa, "Pagkatapos ay lumapit siya sa akin, at sinabi niya sa akin, 'Oh, darling, patawarin mo ako; patawarin mo ako.' Aniya, 'Ikinalulungkot ko na nagawa ko 'yon. Magiging tapat na ako magmula ngayon.'" Sabi niya, "Siyempre mahal na mahal ko siya kaya't pinatawad ko na lang siya, ika ko, 'Sige.'" At sabi pa niya, "Pagkatpos," aniya pa, "Alam mo ba? Nakuha ko ang interpretasyon ng pangitaing ito." Ang sabi niya, "Siya ang babaeng iyon." Sabi niya, "Totoo, naikasal na siya at iba pa at ng ganito karaming beses," at aniya, "ayos lang na mag-asawa siya sapagkat mahal na mahal siya ng Panginoon na maaari siyang mag-asawa ilang ulit man niya naisin tulad ng nangyari." Ang sabi ko, "Napakatamis ng panaginip mo, ngunit iyon ay lihis na lihis sa subok na landas na ito." Ang sabi ko, "Mali 'yon. Nakikita mo ba? Hindi mo dapat gawin 'yon."

15 Kaya iyon ay... Kita n'yo?... Ngunit kapag nakita n'yong dumudugtong ang Kasulatan sa Kasulatan, nagtutuloy-tuloy at naglalakiplakip ang mga Kasulatan, kung saan natatapos ang isa du'n naman dumarating at dumurugtong ang iba pa at iginuguhit ang buong larawan... Tulad ng pagbubuo ng isang crossword puzzle. Hinahanap mo ang kasukat na piraso. Wala nang iba pang aakma; at maaayos mo na ang larawan. At mayroong Isa lamang na makagaawa niyon; iyon ay ang Cordero, kung kaya't nakatingin tayo sa Kaniya. Ngunit nakita natin na kapag ang mga—ang mangangabayong ito... Iisang

mangangabayo lamang ang sumakay sa mga kabayong ito, at sinundan natin siya, nakita natin kung ano ang ginawa niya at lahat na, at nalaman natin na sa mga nagdaang kapanahunan ng iglesia ay ganu'n nga ang kaniyang ginawa. At kapag humahayo siyang sakay ng isang hayop at gumagawa ng mga bagay-bagay, nakita natin na may isang isinusugo upang labanan kung ano ang kaniyang ginagawa.

16 May isang isinugo para sa unang kapanahunan ng iglesia, na isang cordero—na isang leon. Iyon ay ang Salita, ano pa nga ba, si Cristo. Ang sumunod ay ang baka, nung panahon ng karimlan, nang—nang ang iglesia ay

mag-organisa at tumanggap ng mga dogma sa halip ng Salita. At alalahanin n'yo na ang kabuuan nito ay nakasalig sa dalawang bagay, ang isa ay anticristo, at ang isa'y si Cristo. Ganu'n pa rin sa araw na ito. Walang kalahating Cristiano. Walang lasing na matinong tao, walang itim na puting ibon, wala, wala, walang mga makasalanang banal. Kita n'yo? Sadyang wala sa pagitan. Ika'y ipinanganak na muli o ika'y di ipinanganak na muli. Ika'y puspos ng Espiritu Santo o ika'y di puspos ng Espiritu Santo. Gaano man karaming sensasyon ang naranasan mo, kung di ka puspos ng Espiritu Santo, di ka puspos Nito. Kita n'yo? At kung napuspos ka na Nito, ipapakita Ito ng iyong buhay. Susunod ito. Kita n'yo? Hindit ito kailangang sabihin ninuman kahit kanino; nakikita nila ito (Kita n'yo?), 'pagkat ito'y isang tatak.

17 Ngayon, nakita natin ang mga hayop na iyon, kung papaano sila humayo sa bawat pagkakataon. Ang isa ay humayo sa kaniyang ministeryo na nasa kapangyarihang pulitikal, na pinagsanib ang mga kapangyarihang ukol sa relihiyon at pulitika. Nakita natin na nagsugo ang Diyos ng Kaniyang kapangyarihan upang iyon ay labanan. Binabalikan natin at tinitignan kung ano ba ang nangyari sa kapanahunan ng iglesia at nagbabalik-tanaw tayo, at ganu'ng ganu'n nga iyon. Pagkatapos ay nakita natin na may isa na namang kapanahunang dumating, at isinugo ng kaaway ang anticristo sa ilalim ng pangalan ng relihiyon, sa ilalim ng Pangalan ni Cristo, sa ilalim ng pangalan ng iglesia (Opo.), humayo pa nga iyon maging sa ilalim ng pangalan ng iglesia. "Iyon ang tunay na Iglesia," aniya. Kita n'yo? Ang anticristo ay hindi ang Russia. Hindi iyon ang anticristo. Ang anticristo ay kahawig na kahawig ng Cristianismo na sinabi ng Biblia na malilinlang nito ang lahat ng hindi itinalaga.

18 Ang sabi ng Biblia, sa huling mga araw, lahat ng hindi predestinado— hinirang... ang hinirang, ang sabi'y ang hinirang... Kunin n'yo ang salitang iyan at ito'y tutugaygayin n'yo sa mga nakasulat sa palugit ng mga pahina, tignan n'yo kung ano'ng ibig sabihin nito. Ang sabi'y ang hinirang, itinalaga. Kita n'yo? Lilinlangin nito ang lahat na ang pangalan ay wala sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan. Nang paslangin ang Cordero, ang mga pangalang iyon ay nailagay na sa Aklat. Nakatayo Siya sa banal na dako ngayong gabi sa kaluwalhatian bilang isang Tagapamagitan, namamagitan para sa bawat kaluluwang ang pangalan ay nasa Aklat na iyon. At walang nakaaalam ng pangalang iyon maliban sa Kaniya. Siya ang may hawak ng Aklat na iyon. At alam Niya na

kapag pumasok na ang kahulihulihan, ang mga kaaarawan ng Kaniyang pamamagitan ay tapos na. Siya ay lalabas na upang angkinin ang mga ipinamagitan Niya. Ginagampanan Niya ngayon ang gawain ng isang Kaanak na Manunubos at Siya'y darating upang tanggapin ang ganang Kaniya.

19 Ay, naku. Dapat ay ibunsod niyan ang bawat Cristiano na magsaliksik ng kaniyang sarili at magtaas ng kaniyang mga kamay sa harapan ng Diyos at magsabing, "Linisin Mo ako, oh, Panginoon; suriin Mo ang aking buhay at ipakita Mo sa akin kung nasaan ang masamang bahagi ko, hayaan Mong maaalis ko ito nang mabilis." Kita n'yo? Sapagkat kung ang matuwid ay bahagya nang makaliligtas, ang masama at ang makasalanan ay saan kaya magsisiharap? Panahon na ng pagsusuri.

20 At kung ipupuwesto n'yo ito, at nais n'yong bigyan ang Salitang ito ng... (Ngayon, ayaw kong tanungin n'yo ako tungkol dito, sapagkat dadalhin n'yo ako sa ibang... Ang ibig kong sabihin ay sa pagsusulat n'yo ng inyong mga katanungan. Sa palagay ko'y naipasa na ang mga katanungan.) Ito ang panahon ng pag-iimbestiga para sa paghatol. Tama. (Ngayon, tatalakayin natin 'yan sa mga pakakak pagdating natin do'n, kailan man ito itulot ng Panginoon, o sa mga mangkok.) At malalaman natin sa pagiimbestigang iyon para sa paghatol, kapag ang—bago lumabas ang mga aba, at nakikita natin na iyon ay totoo. At ang tatlong anghel na dumating sa lupa na sumisigaw ng, alam n'yo na, "Sa aba, sa aba, sa aba, ng mga nananahan sa lupa."...

21 At tayo'y nabubuhay sa isang kakilakilabot na panahon, ang panahon na... Nakikita n'yo ba, ang mga bagay na ito na kinaroroonan natin ngayon, na pinag-aaralan natin ngayon, ay magaganap pagkatapos na makaalis na ang Iglesia. Kita n'yo? Ang mga bagay na ito ay sa panahon na ng kapighatian. At sa palagay ko'y dapat na tunay na maitatag sa puso ng bawat mananampalataya na ang Iglesiang ito ay di dadaan sa panahon ng kapighatian. Hindi mo maaaring ilagay ang Iglesia saan man sa kapighatian. Ako'y... Mailalagay mo ang igesia ro'n, ngunit hindi ang Nobya. Kita n'yo, kita n'yo? Ang Nobya'y nakaalis na, 'pagkat (Kita n'yo?) Siya—siya'y walang isa mang kasalanan, walang anumang laban sa Kaniya. Tinakpan siya ng biyaya ng Diyos, at lubusang inalis ng Klorox ang bawat kasalanan, ni hindi na ito naaalala, wala nang natira kundi kadalisayan, sakdal sa Presensya ng Diyos. Oh, dapat itong magpaluhod sa Nobya upang umiyak sa Diyos.

22 Naaalala ko ang isang munting kuwento, kung hindi ako masyadong nakaaabala sa inyo sa pambungad na pananalitang ito. May layunin ako kaya ko ginagawa ito, upang madama—hanggang sa madama kong handa nang

magsimula ang Espiritu. Ito ay isang sagradong bagay. Kita n'yo, kita n'yo? Kita n'yo, sino ang nakaaalam ng mga bagay na naroroon? Walang sinuman maliban sa Diyos, at hindi dapat maihayag ang mga iyon, at pinatutunayan ng Biblia na ang mga ito ay di maaaring maihayag maliban sa araw na ito. Tama nga iyon. Kita n'yo? Ang mga iyon ay hinulaan dati, ngunit ngayon ay dapat na nating makuha ang ganap na katotohanan hinggil dito, ang binindikang katotohanan. Kita n'yo?

23 Pansinin n'yo ngayon, may isang babae sa kanluran na napaibig sa isang—may isang lalaking napaibig sa kaniya. Bilang isang mamimili ng bakahan, nagtungo siya ro'n bilang kinatawan ng Armor Company, at nagkaroon sila ng isang malaking... Dumating ang amo isang araw (ang anak ng amo na taga Chicago), at siyempre pa nagsipagsuot sila ng kanilang karaniwang kasuotang pang-cowboy. Ang mga kababaihan ay nagsipagbihis nang husto. Ang bawat isa'y naghahangad na mabighani ang lalaking ito, tiyak, alam n'yo na, dahil anak iyon ng amo. Kaya't nagsipagbihis sila ng kanilang pang-cowboy na kasuotan. At ginagawa nila iyon sa kanluran.

24 Katatapos lang nila ng isa sa mga kabanatang iyon, at si Brother Maguire (Sa wari ko'y naririto siya ngayon), nahuli nila siyang hindi nakabihis pang-cowboy at siya'y ipinakulong nila, at iniharap siya sa Kangaroo Court, at pinagbayad siya dahil dito, at pinabili siya ng damit pang-cowboy. Nakita ko ang iba pa sa kanila na nagpapalakad-lakad na may nakasukbit na mga baril na ganiyan kahaba. Sadyang nagpapaka-natibo sila doon. Sinusubukan nilang mamuhay sa isang bagay na nagdaan na, nakalipas na. Kita n'yo? At sa Kentucky naman, sinusubukan n'yong mamuhay sa mga araw na nagdaan ng Silangan. Bumabalik kayo sa Renfro Valley at iba pa. Gustunggusto n'yong bumabalik sa lumang panahon. May kung anong nagbubunsod niyan, ngunit pagdating sa pagbalik sa orihinal na Ebanghelyo, ayaw n'yo 'yong gawin. Nais n'yo ng isang bagay na moderno. Kita n'yo? Nagpapakita na... Kita n'yo, kayo—kayo'y... Mayroong isang...

25 At ano ba ang nagbubunsod sa isang tao na gumawa ng mali? Ano ang nagbubunsod sa kaniyang uminom at magwala, o sa isang babae upang siya ay gumawa ng mali? Sapagkat sinusubukan niyang... May kung ano sa kalooban ng isang babae na nauuhaw, at may kung ano sa kalooban ng isang lalaki na nauuhaw. At sinisikap nilang ibsan ang banal na pagkauhaw na iyon sa pamamagitan ng mga bagay ng sanlibutan samantalang ang Diyos dapat ang maging panlunas niyon. Nilikha niya kayong ganiyan upang mauhaw. Iyan ang dahilan kung bakit may kung ano'ng bagay kayong kinauuhawan. Nilikha kayong ganiyan upang ibaling n'yo ang banal na pagkauhaw na iyon sa Kaniya. Kita n'yo? Ngunit kapag sinusubukan n'yong ibsan ang pagkauhaw

na iyon... Papaanong nakapangangahas ang sinuman na gawin ang gayon. Wala kayong karapatang gawin iyon: ang subukang ibsan ang banal na pagkauhaw na iyon para sa isang bagay... At ibinabaling n'yo ito sa sanlibutan, sinusubukan n'yong ibsan ito sa pamamagitan ng sanlibutan; hindi n'yo ito magagawa. Isang bagay lang ang makapupuno niyon, at iyon ay ang Diyos. At nilikha Niya kayo na ganiyan.

26 Kaya't itong—itong... Ang mga kadalagahan ay nagsuot ng pangcowboy na kasuotan, "nagpapasikat" para sa paglabas ng lalaking ito. At bawat isa sa kanila'y tiyak na mapapasakaniya ang lalaking ito. May isang hamak silang pinsan na naroroon sa rantso, at siya ay isang ulila na. Kaya't sadyang siya ang gumagawa ng lahat ng trabaho para sa mga babaeng ito, dahil sa kailangan nilang ipaayos ang kanilang mga kuko, alam n'yo na, at hindi sila puwedeng maghugas ng pinggan gawa ng kanilang mga kamay at iba pa; at siya ang gumagawa ng lahat ng tunay na mahihirap na trabaho. At sa wakas ay dumating na ang lalaki, humayo sila at pinasakay siya sa isang lumang pang-cowboy na karwahe, at nagsidating silang nagpapaputok ng kanilang mga baril at nagkakaingay, alam n'yo na, at nag-aaarte sila. At nung gabing iyon nagdaos sila ro'n ng isang malaking sayawan, isang makalumang sayawan, at lahat ng mga rantsero sa palibot ay nagsidating na nagsasayaw at iba pa. At mamamalayan mo na lang, aba'y, umabot na ang kasayahang ito ng dalawa o tatlong araw.

27 At isang gabi ang lalaking ito ay lumabas sa lugar na iyon upang magpahinga nang kaunti sa sayawan, at lumayo siya sa mga kababaihan, at napatingin siya sa direksyon ng koral. Pumaroon ang isang babaeng medyo marungis tignan, at may dala-dalang siyang palangganang puno ng tubig. Katatapos niya lang maghugas ng mga pinggan. At naisip niya, "Ngayon ko lang siya nakita. Taga saan kaya siya?" Kaya't lumibot siya sa gilid ng bahay-tulugan at nagbalik siya sa gilid ng koral at doon ay sinalubong niya siya. Siya ay nakayapak. Huminto siya. Yumuko siya. Nakita niya kung sino 'yon, at labis siyang nahiya. Kilala niya ang dakilang taong ito. At siya'y pinsan lamang nitong ibang mga kababaihan. Ang kanilang ama ay katiwala sa malaking pagawaang ito ng Armour, kaya't sila'y... nanatili... Nanatili siyang nakayuko. Nahihiya siya na siya'y nakayapak. Ang sabi niya, "Ano'ng pangalan mo?" Sinabi niya sa kaniya. Ika pa niya, "Buweno, bakit wala ka roon sa kinaroroonan nilang lahat?" Medyo nagdahilan siya.

28 Kaya't nung sumunod na gabi minatyagan niya siya ulit. Kinahulihan, nakaupo siya doon sa labas, at sila ay nagkakasayahan nang husto at lahat, nakaupo siya sa bakod ng koral at naghihintay sa kaniyang pagdating, upang itapon ang pinaghugasan ng pinggan. At minasdan niya siya, at sinabihan, "Alam mo ba ang tunay na pakay ko rito?" Ang sabi niya, "Hindi ko po alam." Aniya, "Kaya ako naririto ay naghahanap ako ng mapapangasawa." Aniya pa, "Nakakakita ako ng isang katangian sa'yo na wala sa kanila." (Iniisip ko ang Iglesia. Nakikita n'yo ba?) Sabi niya, "Magpapakasal ka ba sa akin?" Ang sabi niya, "Ako? Ako? Hindi ko maisip ang gayong bagay." Sabi niya, "Ako?" Kita n'yo, anak iyon ng pinakaamo nila. Pag-aari niya lahat ng mga kumpanya at mga rantso sa buong bansa, at lahat na. Kita n'yo? Ang sabi niya, "Oo," ika niya, "Wala akong makita sa Chicago. Nais ko ng isang tunay na maybahay. Nais ko ng isang maybahay na may karakter. At nakikita ko sa'yo ang mga bagay na hinahanap ko." Sabi niya, "Magpapakasal ka ba sa akin?" Ang sabi niya, "Buweno..." (Nagitla siya.) Ang sabi niya, "Oo." At ang sabi niya, "Buweno," sinabi niya sa kaniya na magbabalik siya, aniya, "Ngayon, maghanda ka lang, at pagkatapos ng isang taon magbabalik ako, at kukunin kita, at ilalayo kita rito. Hindi mo na kakailanganing magtrabaho ng tulad nito. Kukunin kita, at magtutungo ako sa Chicago, at ipagtatayo kita ng isang tahanang di mo pa nakita kailanman." Ang sabi niya, "Hindi ako kailanman nagkaroon ng tahanan, isa akong ulila." Ang sabi niya... Ang sabi niya, "Ipagtatayo kita ng isang tunay na tahanan"; aniya, "Magbabalik ako."

29 Nakipagbalitaan siya sa kaniya buong taon. Nagtrabaho siya sa abot ng kaniyang makakayanan upang makapag-ipon ng sapat na pera sa pamamagitan ng isang dolyar isang araw na kita niya sa kaniyang paglalaba upang makabili siya ng damit pangkasal: tipong-tipo ng Iglesia. Kita n'yo? Inihanda niya ang kaniyang damit. Alam n'yo, nang idisplay niya ang kaniya damit pangkasal, ang sabi ng kaniyang mga pinsan, "Aba, ikaw na kahabaghabag at hangal na bata. Ang ibig mong sabihin iniisip mong ang isang lalaking tulad niyon ay magkakainteres sa'yo?" Ang sabi niya, "Ngunit pinangakuan niya ako." Ang sabi niya, "Nangako siya"; aniya, "Pinaniniwalaan ko ang kaniyang salita."

Oh, niloloko ka lang niya." Aniya, "Kung kukuha siya ng isang mapapangasawa isa sa kanila ang kukunin niya." Ang sabi niya, "Ngunit pinangakuan niya ako. Nag-aabang ako sa kaniya." Amen. Ganun din ako. Kaya't tumagal nang tumagal. Sa wakas ay dumating ang araw na iyon. Siya ay nakatakdang dumating ng kung anong oras; kaya't ibinihis na niya ang kaniyang damit. Samantalang wala naman siyang balita man lamang sa kaniya, ngunit alam niyang siya'y darating. Kaya't nagbihis na siya ng kaniyang damit pangkasal, inihanda na niya ang mga bagay-bagay. Nang magkagayo'y talagang nagtawanan sila, do'n, dahil ang amo ay nagsugo ng mensahero sa katiwala, at wala namang nabalitaan ang sinuman sa mga kababaihang iyon tungkol dito. Kaya't sadyang ganap itong mahiwaga sa kanila.

30 Totoo nga iyon; tunay nga. Ngunit hinarap ng babaeng ito ang lahat ng ito base sa pangako niyang siya'y magbabalik para sa kaniya. Kaya't nagtawanan sila, naghawakan sila ng kanilang mga baywang, pasayaw-sayaw sila ro'n na nagsasabi, "Ahhh," (nagtatawanan, alam n'yo na, nang ganu'n), anila, "Kaawa-awang hangal na bata." Tumayo lang siya ro'n—di namula ang mukha kaunti man. Hawakhawak niya ang kaniyang mga bulaklak, ang damit pangkasal niya ay ayos na ayos na. Nakikipagpunyagi siya, alam n'yo na. (Naghanda na ng kaniyang sarili ang Kaniyang Nobya.) Patuloy niyang hinawakan ang kaniyang mga bulaklak, naghihintay. Ang sabi nila, "Ngayon, sabi ko na sa'yo isa 'yong pagkakamali. Kita mo, hindi siya darating." Ang sabi niya, "Mayroon pa akong limang minuto." Aniya pa, "Mapaparito siya." Oh, tumawa lang sila. At nang malapit nang tumakbo nang limang minuto ang orasan, narinig nila ang pagyabag ng mga kabayo, at ang paggulong ng mga gulong sa buhanginan. Huminto ang karwahe. Lumundag ang babae sa pagitan nila palabas ng pintuan, at ang lalaki naman ay lumundag palabas ng karwahe, at siya'y napasa kaniyang mga bisig; ang sabi niya, "Tapos na, mahal"; iniwan niya ang kaniyang mga pinsan (mga denominasyon) na nakaupo ro'n at nakatingin. Nagtungo siya sa Chicago sa kaniyang tahanan.

31 May alam akong ibang dakilang pangakong tulad no'n. Ito'y... "Humayo Ako upang maghanda ng isang dako para sa inyo; magbabalik ako upang kayo'y tanggapin." Marahil ay sinasabi nilang mga baliw tayo, ngunit, kapatid, ngayon mismo sa ganitong pagbubukas ng mga Tatak na ito sa ilalim

ng supernatural na bagay na ito, parang naririnig ko na ang tunog habang ang orasan ay tumatakbo papasok sa eternidad. Parang nakikita ko na ang Anghel na nakatayo ro'n at nagsasabi sa dulo ng ikapitong mensahe, "Ang panahong ay di na magluluwat." Ang munting tapat na Nobyang iyon ay lilipad papunta sa mga bisig ni Jesus isa sa mga araw na ito kapag dinala Niya siya sa bahay ng Ama. Pag-isipan nating ang mga bagay na ito habang tayo ay nagpapatuloy.

32 Pansinin n'yo ang ministeryo ng Leon, ang Salita; ang Baka, ang haing nagpapagal; ang karunungan ng mga reformer; at ang pagpasok ng kapanahunan ng agila na maghahayag at dadampot at magpapakita ng mga bagay na ito. Ngayon, nakita rin natin sa gawain nung nakaraang gabi ang dakilang hiwagang nabuksan kalakip ng Tatak na ito, at ito ay salungat na salungat sa aking dating pagkaunawa—na noo'y inakala kong tama.

33 Palagi kong ipinapalagay dati na ang mga kaluluwang iyon sa silong ng dambana ay ang mga naunang

martir na mga Cristiano, ngunit nalaman natin kagabi, nang buksan ng Panginoong Diyos ang Tatak na iyon sa atin, tunay ngang hindi iyon posible. Hind sila ang mga iyon. Sila ay nagtungo na sa kaluwalhatian, sa kabilang ibayo. At hayun na sila... Nalaman natin na sila ay mga Judio na magsisibangon sa panahon ng—mula sa pagtawag sa sandaan at apatnapu't apat na libo, na ating tatalakayin ngayong gabi at bukas at sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak ang sandaan at apatnapu't apat na libo ay tatawagin. At nalaman natin na sila ay mga martir na pinagpapatay ngunit hindi pa nabibihisan ng mga puting balabal, ngunit ang kanilang mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, at ang bawat isa sa kanila'y pinagkalooban ng mga puting balabal.

34 At tinalakay natin 'yon, at ang mga iyon ay walang iba, sa paniwala ko, kundi ang lupon ng mga Judio na dumaan sa isang panahon ng paunang kapighatian. Kung kailan nitong mga nakalipas na digmaan ay kinamuhian sila ng lahat. At milyun-milyon sa kanila ang pinatay ni Eichman sa Germany (Karirinig n'yo pa lamang sa paglilitis na iyon.), miyun-miyong inosenteng mga tao, mga Judio, dahil lamang sila ay mga Judio, wala nang ibang dahilan. Ang sabi rito ng Biblia sila ay pinaslang dahil sa kanilang patotoo tungkol sa Diyos—o dahil sa Salita ng Diyos at sa patotoong pinanghawakan nila. Ngayon, nalaman nating ang Nobya ay ang Salita ng Diyos at ang patotoo ni Jesus Cristo. Ang mga ito ay walang patotoo ni Jesus Cristo.

At nalaman natin na sinasabi ng Biblia na ang lahat ng Israel, ang predestinadong Israel, ay maliligtas. (Mga Taga Roma 11) Ngayon, alam natin 'yan. At nakita natin doon ang mga kaluluwang...

35 Ngayon, tignan n'yo kung gaano na kalapit. Bakit di ito puwedeng mangyari dati? Sapagkat hindi ito nangyari dati. Ngayon ito'y nakikita n'yo na. Nauunawaan n'yo ba? Makikita n'yo na nakikita ng Espiritu Santo na ang mga bagay na iyon ay darating sa mga kapanahunan at mga panahon, at ngayon, ito'y naihahayag na, at 'pag tinignan n'yo makikita n'yong iyon ang katotohanan. Naroon na nga ito. Ngayon, ang mga martir iyon na napighati sa paunang kapighatian dulot ni Eichman. Ngayon, tinitipo lamang nila ang mga martir ng sandaa't apatnapu't apat na libo, na ating tatalakayin sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak (Kita n'yo?); at ang Ikapitong Tatak ay isang bagay lamang; iyon lang; at nagkaro'n ng katahimikan sa langit sa loob ng kalahating oras. At ngayon, ang Diyos lamang ang makapaghahayag niyon. Ni hindi ito isinimbulo saan mang dako. Iyan ay bukas ng gabi. Ipanalangin n'yo ako.

36 Ngayon, mapapansin natin ngayon sa pagtungo natin sa Ikaanim na Tatak... Ngayon, tulungan nawa tayo ng makalangit na Ama sa pagpunta natin sa Ikaanim na Tatak na ito. Ngayon, sa ika-12 talata ng ika-6 na kabanata... At nakita ko nang buksan niya ang ikaanim na tatak, at nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim, at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo; At ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa, gaya ng puno ng igos na isinasambulat ang kaniyang mga bungang bubot pagka hinahampas ng malakas na hangin. At ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan. At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't alipin at ang bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato at sa mga bundok;

37 Napansin n'yo ba ro'n? Tignan n'yo ang mga makapangyarihang lalaking iyon. Kita n'yo? Ano ang ginawa nila? Tumanggap sila ng alak ng kagalitan ng pakikiapid ng patutot. Kita n'yo? Ganu'n nga ang uri ng mga nagsiinom ng kaniyang alak. Kita n'yo? At sinabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin at kami'y inyong itago sa mukha noong nakauupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero:

Sapagka't dumating na ang dakilang araw ng kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo?

38 Ano'ng pambungad na pananalita—ang makitang tumigil na ang mga mangangabayo, ang mga nakakabayo, at ang mga hayop. At tayo ay inakyat na. Nakita natin ang mga martir sa silong ng dambana. Ngayon, ito'y... mula sa panahong... Ang mga martir na iyon ay ang mga tunay na orthodox Jews sa pananampalatayang Cristiano, o sa pananampalatayang relihiyoso, sapagkat hindi sila maaaring maging mga Cristiano. Tandaan n'yo, binulag sila ng Diyos. At magiging bulag sila sa mahabang panahon hanggang sa kunin ang Iglesiang Hentil. Sapagkat hindi nakikitungo ang Diyos sa dalawang uri ng mga taong iyon sa iisang pagkakataon, sapagkat salungat na salungat ito sa Salita.

39 Tandaan n'yo, sa tuwina ay nakikitungo Siya sa Israel bilang isang bansa. Ang bansang Israel. Sa mga Hentil naman bilang mga indibiduwal— mga taong kinuha sa mga Hentil. At ito ay kinailangang... Ang Hentil na iglesiang ito ay kinakailangang buuin ng lahat ng uri ng tao sa mundo, kaya nga paminsan-minsan ay may Judiong nakakasama ro'n. Kita n'yo? Tulad ng mga Arabian at Irish at Indian at iba pa. Bubuuin ng lahat ng uri ng tao sa mundo ang bouquet na Nobyang ito. Kita n'yo? Ngunit ngayon, pagdating sa pakikitungo sa Israel, sa huling bahaging ito ng pitumpung sanlinggo, makikitungo Siya sa kanila bilang isang bansa. Tapos na ang panahon ng mga Hentil. Dumarating nang mabilis ang oras (at marahil ay ngayon nang gabi) na lubusan nang babaling ang Diyos mula sa mga Hentil. Eksakto. Ganu'n ang sinabi Niya. “Kanilang yuyurakan ang mga pader ng Jerusalem hanggang matapos ang dispensasyon ng Hentil.” Ang mga panahon ay tapos na. Opo. At kung magkagayon, “Ang marumi ay manatiling marumi. Ang matuwid ay magpakatuwid pa.” Kita n'yo?

40 Wala na talagang Dugo sa luklukan ng—ng—ng—sa sangtuwaryo. Wala nang Dugo sa altar. Natanggal na ang hain; at wala nang natitira do'n kundi usok at kidlat at paghatol. At iyon nga talaga ang ibinubuhos dito ngayong gabi. (Kita n'yo?) Iniwan na ng Cordero ang Kaniyang pamamagitan. Ang pamamagitan sa luklukan ay natapos na, at ang Hain, tulad ng pagkakatipo natin sa Kaniya, sa Kaanak na Manunubos, ang duguang Cordero na lumabas, ang Corderong pinaslang (isang Duguan, pinatay, binugbog), ay lumabas at kinuha ang Aklat mula sa Kaniyang kamay. Iyon ay... Ang araw na iyon ay tapos na. Ngayon, Siya'y dumarating upang angkinin kung ano ang Kaniyang tinubos. Amen. Sadyang may kung anong hatid iyan na nanunuot sa akin.

41 Makikita natin ngayon, ayon kay Juan, "Nakita ko nang buksan Niya ang Ikaanim na Tatak, nagkaroon ng isang malakas na lindol." Pagkatapos ay nagambala ang buong kalikasan. Kita n'yo? Nagsasagawa ng mga dakilang bagay ang Diyos, tulad ng pagpapagaling ng maysakit, at pagbubukas ng mata ng bulag, at gumagawa ng dakilang mga gawa, ngunit makikita natin dito na ang kalikasan ay natapilok. Siya nga, ang buong kalikasan... Tignan n'yo ang nangyari, ang lupa ay nauga; ang araw ay nagdilim; at ayaw magbigay ng liwanag ang buwan; at ang mga tala ay nauga at nangahulog; at, aba'y, ang lahat ay naganap (Kita n'yo?) sa panahon mismo ng pagbubukas ng Ikaanim na Tatak. Doon iyon naganap, pagkatapos na pagkatapos na maianunsyo ang tungkol sa mga martir na iyon. Kita n'yo? Tapos na ang mga martir.

42 Ngayon, nakikita n'yo, malapit na malapit na tayo sa oras na iyon. Ito ay maaaring maganap anumang oras (Kita n'yo?), sapagkat malapit nang maging handa ang Iglesia upang lumipad. Ngunit alalahanin n'yo, kapag naganap ang mga bagay na ito, wala na rito ang Nobya. Pakatandaan n'yo lang, wala na ang Nobya. Hindi Niya kailangang dumaan sa alinmang bahagi nito. Panahon ito ng paglilinis sa iglesia. Nakaatang sa kaniya na dumaan dito, hindi ang Nobya; aalisin Niya muna ang Kaniyang Sinta. Opo. Siya'y... natubos na Niya Siya. Kita n'yo na medyo... Sarili Niyang paghirang 'yon, Sarili Niyang pagpili, tulad ng pagkuha ng sinumang lalaki ng kaniyang nobya. Kita n'yo?

43 Ngayon, ang lindol... Maghambing tayo ngayong ng mga Kasulatan. Nais kong... Mayroon ba kayong lapis at papel? Nais kong gawin n'yo ang isang bagay para sa akin. Kung nais n'yong magsulat, isulat n'yo ito dahil ito'y... liban na lamang kung kukuha kayo ng tape. Ngayon, tayo'y... Nais kong samahan n'yo ako sa pagbasa habang ginagawa n'yo ito. Ihahambing natin ang mga Kasulatan ng dakilang kaganapang ito upang makita natin ang dakilang lihim o hiwagang ito na nasa ilalim ng Ikaanim na Tatak ng Aklat ng Katubusan. Ngayon, alalahanin n'yo, ang mga ito ay nakakubling mga hiwaga. At ang Ikaanim na Tatak sa kabuuan ay isang napakalaking Aklat, anim na balumbon na pinagsama-sama; at binubuksan nito ang buong Aklat ng Katubusan. Ganiyan tinubos ang buong lupa.

44 Kaya tumangis si Juan, sapagkat kung walang makakukuha ng Aklat, ang buong sannilikha, ang lahat ay mapapahamak. Siya'y sadyang magbabalik na lamang sa mga atom at molecule at iba pa at cosmic light, at ni hindi magiging isang nilikha, tao, o anuman, sapagkat naiwala ni Adan ang mga

karapatan niya sa Aklat na iyon. Isinuko niya iyon nang makinig siya sa kaniyang asawang babae, at siya'y nakinig sa pangangatuwiran ni Satanas sa halip ng Salita ng Diyos. Kita n'yo? Naiwala iyon. At hindi iyon maaaring magbalik sa maruruming mga kamay ni Satanas na nanukso sa kaniya upang lumihis ng landas; kaya't ito ay bumalik sa orihinal na May-ari tulad ng nangyayari sa alin mang abstract na titulo (Kita n'yo?), nagbabalik ito sa orihinal na May-ari, at iyon ay ang Diyos na Manlilikha na lumikha dito, at hawak-hawak Niya ito.

45 At may halaga ito, iyon ang katubusan. May halagang ukol sa katubusan, at walang sinumang makagawa niyon dati. Kaya't ang sabi Niya... Gumawa ng Kaniyang batas tungkol sa Kaanak na Manunubos; at nung una ay wala silang sinumang makita. Ang bawat tao ay isinilang sa pamamagitan ng sex, isinilang ayon sa pagnanasang seksuwal. Nasadlak siya sa orihinal na kasalanan: si Satanas at si Eba, kaya't walang makagaganap ng pagtubos. Wala siyang taglay na anuman, ang sinumang papa, pari, doctor of divinity, o sinuman siya; walang karapat-dapat. At hindi puwede ang isang Anghel, sapagkat dapat ay isa siyang kaanak. Dapat ay isa siyang tao. Nang magkagayon ay naging isang Kaanak ang Diyos sa pamamagitan ng pagsasaplot ng katawang tao sa pamamagitan ng birheng kapanganakan, at ibinubo Niya ang Kaniyang Dugo.

46 Hindi iyon dugo ng isang Judio; hindi iyon dugo ng isang Hentil. Iyon ay Dugo ng Diyos. Kita n'yo? Sinasabi ng Biblia na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos. Nakukuha ng anak ang Dugo ng ama. Alam natin 'yan. Sa anumang lalaki, siya ang naglalabas ng hemoglobin. Kaya nga makikita natin na ang inahing manok ang nangingitlog, maaari siyang mangitlog, ngunit kung hindi niya nakasama ang tandang, hindi ito mapipisa. Wala itong buhay. Ang babae ay isa lamang incubator na tagadala ng itlog, ngunit ang itlog ay nagmumula... Ang binhi ay nanggagaling sa lalaki, sa kasong ito, ang Lalaki ay ang Diyos Mismo.

47 Ganiyan ang sinasabi ko na ang daan pataas ay pababa at ang malaki ay maliit. Napakadakila ng Diyos na Siya ay naging... Kaniya pa ngang inanyuan ang Kaniyang Sarili sa isang napakaliit na bagay

hanggang sa maging isa Siyang munting binhi sa sinapupunan ng isang birhen. At pinalibutan Niya iyon ng mga selula, at ng Dugo, at ito'y isinilang at pinalaki sa ibabaw ng lupa, at mula sa ganu'ng simulain, walang halo, ganap na walang pagnanasang seksuwal... At ibinigay Niya ang Dugong iyon sapagkat Siya ay naging isang Kaanak natin, at Siya ang naging Kaanak na Manunubos. At ibinubo Niya ang

Dugong iyon nang buong laya. Hindi Niya kailangang gawin iyon. Ipinagkaloob Niya iyon nang buong laya upang tumubos. Pagkatapos ay sumampa Siya sa dambana ng Diyos at doon ay naghihintay, habang hawak ng Diyos ang Aklat ng Katubusan, at ang duguang Cordero ay nakatayo sa dambana ng hain. Hayun ang Corderong tutubos, namamagitan.

48 Kung gayon ay papaanong nasasabi ng sinuman na si Maria, o si Jose, o sinupamang ibang mortal ang maaaring maging tagapamagitan. Hindi ka maaaring mamagitan malibang may Dugo ro'n. Opo, may iisang Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at tao, at iyon ay si Cristo Jesus. Iyan ang sinasabi ng Kasulatan. Nakatayo Siya ro'n hanggang matubos ang huling kaluluwa, pagkatapos ay darating Siya upang angkinin ang Kaniyang tinubos... Oh, napakadakila Niyang Ama. Ngayon, alalahanin n'yo... Ngayon, sa tuwina ay itinuturo ko na dapat pagtibayin ang bawat salita sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, at ang Kasulatan... Tulad ng hindi ka maaaring kumuha ng isang Kasulatan at patunayan ang anumang bagay malibang may iba pa itong kasama. Kita n'yo? Kita n'yo, maaari akong kumuha ng isang Kasulatan at magsabi, "Humayo si Judas at nagbigti," at kumuha ng isa pa at magsabi, "Humayo ka at ganu'n din ang gawin mo." Kita n'yo? Ngunit nakikita n'yo ba, hindi ito tutugma sa iba pa.

49 At naisip ko sa ilalim ng Ikaanim na Tatak, nang buksan ito ng Espiritu Santo, nakita ko kung ano iyon, naisip kong magiging mabuti na bigyan ko ang mga nakikinig ng medyo kakaibang bagay ngayong gabi (Kita n'yo?), sapagkat marahil ay napapagod na kayo sa pakikinig na ako na lang palagi ang nagsasalita. Kaya't naisip kong gumawa tayo ng kakaibang bagay.

50 Ngayon, pansinin n'yo. Ang dakilang pangyayaring ito ay naselyuhan sa ilalim ng Aklat ng hiwaga ng katubusan. Ngayon, hawak ito ng Cordero sa Kaniyang kamay at Kaniya nang bubuksan. Ngayon, tignan natin sa Mateo 24, ang Cordero Mismo ang nagsasalita. Ngayon, nalalaman ng kahit sino na si Cristo ang May-akda ng buong Aklat kung iyon ang pag-uusapan, ngunit ito ay ang Kaniyang talumpati o ang Kaniyang sermon sa mga tao (Tama.) at sa mga Judio.

51 Ngayon, nais kong hawakan n'yo ang inyong Aklat nang ganito: Mateo 24 at Apocalipsis 6, ganito, at maghambing tayo rito nang kaunti. Kaya't masdan n'yo ito ngayon, at malalaman n'yo kung papaano ito. Kita n'yo, ipinapakita rito nang eksakto ng Cordero sa simbulo kung ano ang sinabi Niya dito sa Salita, na eksaktong magaganap. Kaya tama ito. Ngayon, ganu'n

lang 'yon. Narito ang isa; sinabi Niya ang tungkol dito, at dito 'yon naganap. Kita n'yo? Sadyang isa itong ganap na bindikasyon. Ngayon, ngayon, tignan natin ang ika-24 na kabanata ng San Mateo at ang ika-6 na kabanata ng Apocalipsis at ihambing natin. Alam nating lahat na iyon ang kabanata na pinupuntahan ng bawat iskolar, bawat tao pag pinaguusapan ang panahon ng kapighatian. Mula ito sa ika-24 na kabanata ng Mateo. At ngayon, ating...

52 Kung totoo iyon... Ngayon... Tayo'y... Sapagkat alam natin na ang Ikaanim na Tatak na ito ay ang Tatak ng Kahatulan. Ito'y ang Tatak ng Kahatulan: iyon nga ito talaga. Ngayon, kita n'yo, natalakay na natin ang pangangabayo ng anticristo, nakita na natin ang pag-alis ng Iglesia, ngayon ito'y tapos na, aakyat na. At nakita natin ang mga martir ng mga Judio sa silong ng dambana. Ngayon, heto na ang pagdating ng paghatol sa mga tao kung saan lalabas ang sandaa't apatnapu't apat na libong natubos na mga Judio mula sa kahatulan ng kapighatian. Patutunayan ko sa inyo na sila ay mga Judio at hindi mga Hentil. Wala silang anumang kinalaman sa Nobya. Ang Nobya... Nakita nating nakaalis na ang Nobya. Hindi mo iyon maipatutungkol sa iba pa: sa ika-19 na kabanata ng Aklat ng Mga Gawa na siya babalik.

53 Ngayon, pansinin n'yo, dahil ang Ikaanim na Tatak ay ang Tatak ng Paghatol ng Salita. Ngayon, heto, mag-umpisa na tayo at basahin natin ang ika-24 na kabanata ng San Mateo. Ngayon, nais ko lang kayong bigyan ng isang bagay dito na kakakita ko pa lamang. Ngayon, San Mateo 1 - 3, buweno, ang siya nating sisimulang basahin. At lumabas si Jesus sa templo, at payaon sa kaniyang lakad; at nagsilapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad upang sa kaniya'y ipamalas ang mga gusali ng templo. Datapuwa't siya'y sumagot at sa kanila'y sinabi, Hindi baga ninyo nangakikita ang lahat ng mga bagay na ito? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dito'y walang maiiwang isang bato sa ibabaw ng ibang bato, na hindi babagsak. (Ngayon)... at... (ika-3 talata)... samantalang siya'y nakaupo sa bundok ng mga Olivo, ay nagsilapit sa kaniya ng bukod ang mga alagad, na nagsisipagsabi, Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga bagay na ito?... ano ang magiging tanda ng iyong pagparito, at ng katapusan ng sanglibutan?

54 Ngayon, huminto tayo diyan. Ang tatlong mga talatang ito ay aktuwal na naganap ng Martes ng hapon, ika-4 ng Abril, AD 30. At ang unang

dalawang talata ay naganap ng hapon ng—ng ika-4 ng Abril, AD 30, at ang ika-3 talata ay naganap ng Martes ng gabi ng araw ding iyon. Kita n'yo? Nagtungo sila sa templo, at tinanong nila sa Kaniya ang

mga bagay na ito: "Papaano ang ganiyan at papaano naman ang ganito? Tignan mo ang malaking templong ito; hindi ba't kamangha-mangha?" Ang sabi Niya, "Walang isang batong maiiwan na nakapatong sa isa pang bato." Pagkatapos ay umakyat Siya sa bundok at naupo. Kita n'yo? Doon—nagsimula Siya do'n ng hapon. At nang pagkatapos no'n, tinanong nila Siya do'n, anila, "Nais naming malaman ang tungkol sa mga bagay na ito."

55 Ngayon, pansinin n'yo, narito ang tatlong katanungan na itinanong ng mga Judio, na mga alagad Niya. Tatlong katanungan ang itinanong. At masdan n'yo: "Ano..." Una—una, "Ano—kailan magaganap ang mga bagay na ito (kung kailan walang batong matitirang nakapatong sa kapuwa bato)? Ano ang magiging tanda ng Iyong pagdating?" (ikalawang katanungan) "at ng katapusan ng sanlibutan?" Kita n'yo? May tatlong katanungan, at diyan nagkakamali ang maraming tao. Ipinapatungkol nila ang mga bagay na ito sa isang panahong lumipas na, samantalang makikita n'yong sumasagot Siya sa tatlong katanungan. Sila'y... Masdan n'yo ngayon kung gaano ito kaganda. Sa ikatlong talata (Kita n'yo?), ngayon, sa huling parirala ng ika-3 talata, "At ano ang magiging..." Una ay tinawag nila Siya sa Bundok ng ng mga Olivo nang bukod: "Sabihin Mo sa amin kung kailan magaganap ang mga bagay na ito?" (Unang tanong), "Ano ang magiging tanda ng Iyong pagdating?" (Ikalawang tanong), "... at ng katapusan ng sanlibutan?" (Ikatlong tanong). Kita n'yo, may tatlong katanungang tinanong.

56 Ngayon, ngayon, nais kong buklatin natin at masdan n'yo kung sinabi ni Jesus sa kanila ang tungkol sa mga bagay na ito. Oh, napakaganda nito, a— ako'y... Sadyang ako'y napapa... Ako ay na... Ano ang salitang ginamit natin nung isang gabi? Estimulasyong gawa ng kapahayagan. Pansinin n'yo, ngayon, buklatin natin ang Unang Tatak—ang mga Tatak ng Aklat na ito at ikumpara natin ang Unang Tatak na ito sa unang katanungan, at bawat katanungan ay ikukumpara natin nang sunod-sunod at titignan natin kung hindi sila naglalakip-lakip tulad ng ginawa natin sa lahat ng iba pang pagbubukas maging sa mga kapanahunan ng iglesia at ang lahat ay magkatulad na magkatulad. Hayan ang Tatak na ganap na nabuksan noong panahong iyon.

57 Pansinin n'yo ngayon, magbabasa na tayo, una para sa... "At sinagot Niya sila..." At—at magsisimula na Siyang sumagot ngayon, at nais natin itong ikumpara sa mga Tatak. Ngayon, masdan n'yo, ang Unang Tatak ay ang Apocalipsis 6:1-2; ngayon babasahin natin ang 6:1-2. At nakita ko... nang buksan ng Cordero ang isa sa pitong tatak, at narinig ko sa isa sa apat na nilalang na buhay, na nagsalitang gaya ng tunog ng kulog, Halika. At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputi, at yaong nakasakay dito ay may isang busog; at binigyan siya ng isang putong: at siya'y yumaong nagtatagumpay, at upang magtagumpay. Sino ang lalaking ito ayon sa nalaman natin? Anticristo. Ngayon sa Mateo 24, 4 at 5. At sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Mangag-ingat kayo na huwag kayong mailigaw ninoman. Sapagka't marami ang magsisiparito sa aking pangalan, na mangagsasabi, Ako ang Cristo; at ililigaw ang marami.

58 Kita n'yo 'yon? Anticristo. Hayun ang inyong Tatak. Kita n'yo, kita n'yo? Ipinangusap Niya iyon do'n, at dito ay binuksan nila ang Tatak, at narito Siya, tamang-tama. Ngayon, ang Ikalawang Tatak: Mateo 24:6, Apocalipsis 6:3 at 4. Ngayon, masdan n'yo. Mateo 24:6, tignan ko kung ano'ng sinasabi nito. At mangakakarinig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan; ingatan ninyo na huwag kayong magulumihanan: sapagka't kinakailangang ito'y mangyari datapuwa't hindi pa ang wakas. Sige. Tignan natin ang Ikalawang Tatak, Apocalipsis 6:3-2; masdan n'yo kung ano'ng sinasabi Niya ngayon. At nang buksan niya ang ikalawang tatak, ay narinig ko sa ikalawang nilalang na buhay, na sinasabi, Halika. At may lumabas na ibang kabayo, na kabayong mapula: at ang nakasakay dito ay pinagkaloobang magalis sa lupa ng kapayapaan, at upang mangagpatayan ang isa't isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.

59 Tamang-tama—eksaktong-eksakto. Oh, gusto kong patugunin ang Kasulatan sa Sarili Nito, hindi ba't gayon din kayo? Ang Espiritu Santo ang sumulat ng lahat ng Ito, ngunit kaya Niya itong ipahayag. Ngayon, pansinin natin ang Ikatlong Tatak. Ngayon, ito ay kagutom. Ngayon, Mateo 24:7 at 8. Kunin natin ang 7 at 8 sa Mateo...

Sapagka't magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian; at magkakagutom at lilindol sa iba't ibang dako. Datapuwa't ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang pasimula ng kahirapan. Kita n'yo, papalapit na kayo nang papalapit. Ngayon, sa ika-6 ng Apocalipsis... Ngayon, bubuksan natin ang Ikatlong Tatak. Masusumpungan ito sa Apocalipsis 6:5 at 6. At nang buksan niya ang ikatlong tatak, ay narinig ko sa ikatlong nilalang na buhay, na nagsasabi, Halika. At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maitim; at yaong nakasakay dito ay may isang timbangan sa kaniyang kamay. At narinig ko ang gaya ng isang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay na nagsasabi, Sa isang denario ay isang takal na trigo, at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; at huwag mong ipahamak ang langis at ang alak. Kagutom, kita n'yo? Kaparehong-kaparehong Tatak, kapareho ng sinabi ni Jesus. Tama. Ikaapat na Tatak, salot at kamatayan. Pansinin n'yo, Mateo 24, babasahin natin ang ika-8 talata, ika-7 at ika-8, sa paniwala ko ito ay tungkol sa Ikaapat na Tatak, ito ang nasa'kin dito. Sige. Ngayon... Ano ang binasa ko kanina dito? Mali ba ang binasa ko? Siya nga, minarkahan ko iyon. Oo, nariyan na tayo. Ngayon, tayo'y magpapatuloy na. Sige po.

60 Ngayon, simulan natin dito sa ika-7 talata ang tungkol sa Ika-4 na Tatak na ito, at sa ika-6 at ika-7 at ika-8 sa kabila, sa Apocalipsis. Ngayon, tignan natin ang ika-7 at ika-8 talata ng Mateo 24. Tama, ngayon. Sapagka't magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian; at magkakagutom at lilindol sa iba't ibang dako. Datapuwa't ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang pasimula ng kahirapan. Ngayon, ang Ika-4 na Tatak, tulad ng binasa natin dito ay... Ang Ika-4 na Tatak ay... Simulan natin sa ika-7 at ika-8 sa isang ito ngayon. At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, Halika. At tumingin ako, at narito ang isang kabayong maputla:... at ang nakasakay dito ay may pangalang Kamatayan; at ang Hades ay sumusunod sa kaniya. At sila'y pinagkalooban ng kapamahalaan sa ikaapat na bahagi ng

lupa, na pumatay sa pamamagitan ng tabak, at ng gutom, at ng salot, at ng mga ganid na hayop sa lupa.

61 Ngayon, sandali lang, isinulat ko ito rito. Ngayon, ngayon, sandali lang, ika-7 at ika-8, ngayon tignan natin, Mateo 24:7 at 8. Ipagpaumanhin n'yo. Ngayon, iyan ang magbubukas ng ulan... o ng kagutom, magpapasimula ng kagutom. Sige, ngayon ang mga salot at kamatayan... Opo, pupuntahan na natin 'yon; ika-7 at ika-8, ngayon, ang Ika-4 na Tatak na iyon. Tignan natin kung saan natin makukuha ang Ika-4 na Tatak. At nang buksan niya ang ikaapat na tatak... (Siya nga, ito ang mangangabayong nakasakay sa kabayong maputla, kamatayan. Kita n'yo?) At tuminngin ako, at narito, ang isang kabayong maputla, at ang nakasakay dito ay may pangalang Kamatayan; at ang Hades ay sumusunod sa kaniya. At sila'y pinagkalooban ng kapamahalaan sa ikaapat na bahagi ng lupa, na pumatay sa pamamagitan ng tabak, at gutom, at ng salot, at ng mga ganid na hayop sa lupa. (Ngayon, kita n'yo, iyon ay kamatayan.)

62 Ngayon, ang Ika-5 Tatak, Mateo 24:9-13. Tignan natin ito muli ngayon. Kita n'yo? Kung magkagayo'y ibibigay kayo sa kapighatian at kayo'y papatayin:... (Hayan na.)... at kayo'y kapopootan ng lahat ng mga bansa dahil sa aking pangalan. At kung magkagayo'y maraming mangatitisod, at mangagkakanuluhan ang isa't isa, at mangagkakapootan ang isa't isa. At magsisibangon ang maraming bulaang propeta, at... ilalagaw ang marami. At dahil sa pagsagana ng katampalasanan, ang pag-ibig ng marami ay lalamig. Datapuwa't ang magtiis hanggang sa wakas ay siyang maliligtas. Ngayon, nasa Ika-5 Tatak na tayo ngayon, at iyon ang tinalakay natin kagabi. Kita n'yo? Ibibigay nila kayo, mangagkakanuluhan ang isa't isa at iba.

63 Ngayon, masdan itong Ika-6 na Tatak, 6:9 hanggang 11. Ngayon, kunin natin ang isang iyon: Apocalipsis 6:9 hanggang 11. At nang buksan niya ang ikaanim na tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumakanila:

At sila'y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, Oh Panginoong banal at totoo, hindi mo hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo, sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa? (Ngayon...) At binigyan ang bawa't isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin at ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang gaya nila.

64 Ngayon, makikita n'yo, sa ilalim ng Ika-5 Tatak makikita natin— makikita natin ang pagkamartir. At sa ilalim nitong 24:9—hanggang 13, makikita rin natin na pinapatay din sila: "Ibibigay nila kayo at papatayin" at iba pa (Kita n'yo?), iisang Tatak ang binubuksan. Ngayon, sa Ika-6 na Tatak tayo pupunta ngayon. Mateo 24:29 at 30— 24. Kunin natin ang ika-29 at ika-30. Heto na tayo. Ngayon, ngayon, kukunin natin ang Apocalipsis 6:12-17. Iyon mismo ang kababasa lang natin. Ngayon, pakinggan n'yo ito. Ngayon, iyon ang sinabi ni Jesus sa Mateo 29—24:29 at 30. Datapuwa't karakarakang pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, at magsisispangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit: At kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasa alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.

65 Ngayon, basahin n'yo ngayon dito sa Apocalipsis, ang Ika-6 na Tatak siyang tinatalakay natin ngayon. At nakita ko nang buksan niya ang ikaanim na tatak, at nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim (Kita n'yo?), at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo; At ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa, gaya ng puno ng igos na isinasambulat ang kaniyang mga bungang bubot pagka hinahampas ng malakas na hangin. At ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan.

At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't alipin at ang bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok; At sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero; Sapagka't dumating na

ang dakilang araw ng kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo?

66 Tamang-tama ito. Bumalik ito kaagad—tignan n'yo kung ano'ng sinabi rito ni Jesus sa Mateo 24:29. Makinig kayo. Pagkatapos nito ay ang kaso ni Eichman at iba pa. Datapuwa't karakarakang pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, at magsisipangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit: (Ngayon, masdan n'yo.) Ang kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At susuguin niya ang kaniyang mga anghel... (at iba pa)... na may matinding pakakak, at kanilang titipunin ang kaniyang hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila.

67 Kita n'yo, magkatulad na magkatulad ang sinabi ni Jesus sa Mateo 24, at ang binuksan dito ng mamamahayag sa Ika-6 na Tatak, eksaktong-eksakto, at nangungusap noon si Jesus tungkol sa kapanahunan ng kapighatian. Kita n'yo? Una ay tinanong niya kung kailan magaganap ang bagay na ito, ang pagkaalis ng templo. Sinagot Niya iyon. Ang sumunod na itinanong niya: kung kailan darating ang panahon ng pagkamartir; at kailan lilitaw ang anticristo, at kung kailan maaalis ang templo.

68 Si Daniel, maaari tayong bumalik sa Daniel, kung saan sinabi niya na darating ang prinsipeng ito... Kayong mga nagbabasa ay nakaaalam niyan. At ano ang kaniyang gagawin? Aalisin niya ang pang-araw-araw na hain at iba pang mangyayari sa panahong iyon. Ang sabi...

Nang mangusap si Jesus tungkol do'n ay pinagdiinan pa nga Niya, aniya, "Pagkakita n'yo ng kasuklamsuklam na paninira, na sinalita sa pamamagitan ng propeta Daniel, na natatayo sa dakong banal..." Ano iyon? Ang mosque of Omar na pumalit sa lugar ng templo nang ito'y sunugin nila. Aniya, "Ang mga nasa kabundukan, ang mga nasa bubungan ay huwag bumaba upang maglabas ng mga bagay sa bahay. O ang mga nasa bukid ay huwag magbalik, sapagkat magkakaroon ng panahong ng kabagabagan." Nakikita n'yo ba? At ang lahat ng mga bagay na ito ay magaganap... Inisa-isa Niya ang mga iyon at pinatunayan pabalik sa pagbubukas ng Ika-6 na Tatak na ito.

69 Ngayon, nais kong pansinin n'yo, si Jesus... (Ngayon, tungkol sa tatalakayin natin bukas ng gabi.) Nilampasan ni Jesus ang katuruan tungkol sa Ika-7 Tatak. Wala ito rito. Masdan n'yo, nagsaysay Siya ng mga talinghaga pagkatapos niyon. At nilampasan rin ni Juan ang Ika-7 Tatak—ang Pitong huling—ang Ika-7 Tatak. Magiging isang dakilang bagay iyon. Ni hindi iyon isinulat (Kita n'yo?), kapuwa nila nilampasan ang Ika-7 Tatak. At ang mamamahayag, nang... Basta't sinabi lang ng Diyos na nagkaroon... Sinabi ni Juan na nagkaroon ng katahimikan sa langit. Walang anumang sinabi si Jesus tungkol dito. Pansinin n'yo ngayon, balik tayo sa ika-12 talata. Pansinin n'yo, wala nang hayop... Sa ika-12 talata makikitang nagbukas ang ating Tatak. Walang nilalang na parang hayop na kasama rito, gaya ng Ika-5 Tata. Bakit? Ito ay naganap sa kabilang banda ng kapanahunan ng Ebanghelyo, sa kapanahunan ng kapighatian.

70 Ang Ika-6 na Tatak na ito ay ang kapanahunan ng kapighatian. Iyon ang mangyayari. Ang Nobya ay nakaalis na. Kita n'yo? Wala nang nilalang na buhay doon upang magsaysay nito. Ang ano na lang... Ngayon, hindi na nakikitungo ang Diyos sa Iglesia. Nakaalis na Ito. Nakikitungo na Siya sa Israel. Kita n'yo, kita n'yo? Sa kabilang banda na ito. Dito na tatanggapin ng Israel ang mensahe ng Kaharian sa pamamagitan ng dalawang propeta ng Apocalipsis 11. Alalahanin n'yo, ang Israel ay isang bansa, ang bansang alipin ng Diyos. At kapag pinapasok na ang Israel, magiging isa itong pambansang kaganapan. Sa Israel, sa kapanahunan ng Kaharian, uupo si David, ang Anak ni David sa luklukan.

71 Iyon ang dahilan kaya sumigaw ang babae, "Ikaw na Anak ni David." At si David ay ang... Anak ni David, sumumpa ang Diyos sa pamamagitan ni David, kay David na Kaniyang ibabangon ang anak niyang tatanggap ng

kaniyang luklukan; magiging isa itong walang hanggang luklukan. Kita n'yo? Hindi ito magwawakas. Ibinigay ito kay Solomon sa templo bilang isang tipo. At kasasabi lang sa kanila dito ni Jesus na wala doong batong maiiwan na magkapatong, ngunit ano ang ipinapakita Niya sa kanila dito? Siya'y magbabalik. "Kailan Ka babalik?" "Ang mga bagay na ito ay magaganap bago Ako bumalik." At heto na ang mga iyon. Ngayon, nasa panahon tayo ng kapighatian. Alalahanin n'yo, kapag ang Kaharian ay ay naitatag na sa lupa... Ngayon, marahil ay medyo nakagugulat ito, at kung mayroong katanungan, at itatanong n'yo sa akin, kung—kung nais n'yong banggitin ang katanungan pagkatapos nito, sapagkat katutumbok ko pa lang do'n, kung hindi n'yo pa nalalaman. Sa panahon ng milenyo, ang Israel ay isang bansa. Ang labindalawang angkan ay isang bansa, ngunit ang Nobya ay nasa palasyo na. Siya'y isang Reyna na. Siya'y ikinasal na. At ang lahat ng nananahan sa lupa ay magsisipasok sa syudad na ito, sa Jerusalem, at magpapasok doon ng kanilang kaluwalhatian. At ang mga pintuan ay hindi isasara sa gabi dahil hindi na magkakaroon ng gabi. Kita n'yo? Ang mga pintuan ay magiging bukas palagi; at ang mga hari sa lupa (Apocalipsis 22) ay magpapasok ng kanilang karangalan at kaluwalhatian sa syudad na ito,

ngunit ang Nobya ay nananahan do'n kasama ng Cordero.

72 Ay, naku. Nakikita n'yo ba 'yon? Sa loob—Ang Nobya ay hindi magpapagal sa labas doon sa mga ubasan. Hindi po. Siya ang Nobya. Siya ang Reyna ng Hari. Ang mga iba ang magpapagal doon sa labas, ang bansa, hindi ang Nobya. Amen. Sige, pansinin n'yo ngayon ang mga mensaherong ito... Ang mga mensaherong ito ng Apocalipsis 12, ang dalawang propetang ito, sila'y mangangaral, "Ang Kaharian ay nalalapit na." Kita n'yo? Ang Kaharian ng langit ay maitatatag. Ang panahong ito ay ang huling tatlo't kalahating taon ng ikapitumpung sanlinggo ni Daniel na ipinangako sa mga Judio, ang Kaniyang bayan... Alalahanin n'yo ngayon, na upang mapatunayan na ito ay ang huling bahagi ng ikapitumpung sanlinggo ni Daniel... Mayroon akong isang katanungan tungkol diyan para bukas. Kita n'yo? Ngayon, pitumpung sanlinggo ang ipinangako, at iyon ay pitong taon. At sa kalagitnaan ng pitong sanlinggo, ang Mesias ay mahihiwalay upang gawing isang Hain. Siya ay manghuhula ng tatlo at kalahating taon, at pagkatapos ay mahihiwalay Siya

bilang isang hain sa mga tao, at may nakatakda pa, may tatlo't kalahating taon pang nakatakda para sa Israel.

73 At nang mahiwalay ang Mesias, ang Judio ay binulag upang hindi niya makita na iyon na ang Mesias. At nang mahiwalay ang Mesias, ang Ebanghelyo at ang biyaya ay dumating sa Hentil. At sa pagdating nila, hinaltak ng Diyos ang isa mula sa ganito at sa ganu'n at sa ganu'n at sa ganito, at itinabi sila sa ilalim ng mga mensahero, at mula sa ganito at ganu'n at ganito at ganu'n, itinabi sila sa ilalim ng mga mensahero; at isinugo Niya ang unang mensahero, at siya ay nangaral, at tumunog ang trumpeta (tulad ng ating tatalakayin di magtatagal); at ang trumpeta ay naghahayag ng pakikibaka. Ang trumpeta sa tuwina ay naghahayag ng pakikibaka. Pagdating ng mensahero sa lupa, ang mensahero ng kapanahunan, tulad ni Luther, tulad ng iba pang mga mensahero na ating tinalakay. Ano ang kaniyang ginagawa? Pagdating niya, may isang Tatak na mabubuksan, mahahayag; may trumpetang tutunog, may pakikibakang mahahayag, at aalis na sila. At ang mensahero ay mamamatay. Siselyuhan niya ang kaniyang grupo; sila'y maipapasok; at may salot na babagsak sa mga tumanggi dito. Kita n'yo? At sa pagpapatuloy, sila ay mag-oorganisa, magtatatag na naman ng panibagong organisasyon. (Katatalakay lang natin do'n.)

74 Pagkatapos ay lalabas na naman sila na taglay ang ibang kapangyarihan (Kita n'yo?), ibang kapangyarihan, ibang kapanahunan, ibang ministeryo. At kapag ginawa niya iyon, dumarating din ang Diyos taglay ang Kaniyang ministeryo, kapag dumarating ang anticristo na taglay ang kaniyang ministeryo. Kita n'yo, ang anti ay laban. Tumatakbo sila nang magkasabay. Nais kong pansinin n'yo ang isang munting bagay. Halos kasabay ng pagdating ni Cain sa lupa ang pagdating ni Abel sa lupa. Nais kong pansinin n'yo na halos kasabay ng pagdating ni Cristo sa lupa ang pagdating ni Judas sa lupa. Halos kasabay ng pag-alis ni Cristo sa lupa ang pag-alis ni Judas sa lupa. Halos kasabay ng pagbagsak ng Espiritu Santo ang pagbasak ng espiritu ng anticristo. Halos kasabay ng pagpapahayag ng Espiritu Santo ng Kaniyang Sarili sa huling mga araw ang pagpapakita ng kulay ng anitcristo, pagdaan sa mga pulitika at mga bagay-bagay na iyon; at halos kasabay ng lubos na pagpasok ng anticristo sa eksena ang lubos na pagkilos ng Diyos upang tubusin ang ganang Kaniya (Kita n'yo?), magkapanabay silang tumatakbo, at magkatabi sila. Sina Cain at Abel, ang uwak at ang kalapati, sina Judas at Jesus, at iba pa... Magagawa mong...

75 Narito kapuwa ang Moab at ang Israel. Hindi isang hitenong bansa ang Moab. Hindi po. Kapareho ng inalay ng Israel ang hain na kanilang inalay. Nanalangin sila sa iisang Diyos. Eksakto. Si Moab ay anak ng isa sa mga anak na babae ni Lot na sumiping sa kanilang ama at nagkabunga, at ang anak na iyon ay tinawag na Moab at nagmula sa kaniya ang lahi ng mga Moabita, ang bansang Moab. At nang makita nilang dumarating ang Israel, ang kanilang tinubos na kapatid... Mga fundamentalist sila. Isa silang malaking denominasyon. Walang denominasyon ang Israel; sa mga kubol lang sila nananahan at kung saan-saan nagpupunta. Ngunit ang Moab ay may mga dignitaryo, mga hari, at iba pa. At nandu'n sa kanila si Balaam, isang bulaang propeta. Taglay nila ang lahat ng mga ito, at lumusong sila ro'n upang sumpain ang kanilang maliit kapatid na papunta sa lupang pangako, patungo sa kaniyang pangako. At humayo siya at sila'y tinanong, "Maaari ba kaming makiraan sa inyong lupain? Kung iinom ang aking mga baka ng tubig, babayaran ko. Kung kakain sila ng damo, babayaran namin." Ang sabi niya, "Hindi, hindi ka magdadaos ng ganiyang revival sa lugar na ito." Tama. "Hindi ka magdadaos ng anumang tulad niyan dito."

76 At masdan n'yo kung ano'ng ginawa niya. Pagdaka'y nagbalik siya sa anyo ni Jezebel, at dumating—ang bulaang propetang iyon na nagbunsod sa mga anak ng Diyos na magkasala, at nakipag-asawa sa mga kababaihang Moabita—nagbunsod sa Israel na mangalunya. At ganu'n din ang ginawa niya sa paglalakbay sa daang kinaroroonan natin patungong lupang pangako. Ano'ng ginawa niya? Ang bulaang propeta ay dumating at nagkasal at nanawagan papasok sa iglesiang Protestante at naging dahilan ng pagkakatatag ng mga denominasyon, tulad na tulad ng kanilang ginawa dati. Ngunit nagpatuloy pa rin ang munting Israel. Napakatagal nilang naglakbay sa ilang, at lahat ng mga matatandang mandirigmang iyon ay nangamatay, ngunit nagpatuloy siya sa pagpasok sa lupang pangako. Opo. Masdan n'yo kung

papaano sila nag-armas bago sila tumawid ng Jordan. Gusto ko 'yon. Ngayon, papunta na tayo dito sa kapanahunang iyon.

77 Pansinin n'yo ngayon, na sabi ko, ang panahong ito ay magtatagal nang tatlo at kalahating taon sa pitumpung sanlinggo ni Daniel. Hayaan n'yong ipaliwanag ko pa 'yan nang kaunti, sapagkat may nakikita ako rito na palaging nagmamatiyag diyan; nais kong subukang linawin ang aking sarili: isa siyang guro. Pansinin n'yo, pagpasok ng pitumpung sanlinggo ni Daniel... Nang makita ni Daniel ang pangitain ng pagdating ng panahon at katapusan ng panahon ng mga Judio... Ngunit ayon sa kaniya ay may na pinasyang

pitumpung sanlinggo (Iyon ay pitong taon), sa kalagitnaan niyon, aba'y mapaparito ang Mesias—o—at mahihiwalay bilang isang hain. Ngayon, iyan nga talaga ang nangyari. At nakitungo ang Diyos sa mga Hentil hanggang sa makakuha Siya ng isang bayan para sa Kaniyang Pangalan. Pagkakuhang pagkakuha sa iglesiang Hentil, inakyat Niya ang Iglesia. At nang gawin Niya 'yon, ang natutulog na birhen, ang iglesia mismo (Ang Nobya ay umakyat na.), at ang iglesia mismo ay inilagay sa kadiliman sa labas, kung saan ay mayroong pagtangis at pagdaing at pagngangalit ng mga ngipin, kasabay ng pagbagsak ng kapighatian sa mga tao.

78 At habang bumabagsak ang kapighatian, darating ang dalawang propetang ito ng Apocalipsis 11 upang mangaral ng Ebanghelyo sa kanila. At sila ay mangangaral ng sanlibo, sandaan at animnapung araw. Kita n'yo? Buweno, eksakto 'yon, kung may tatlumpung araw sa isang buwan, tulad sa tunay na kalendaryo, iyon ay eksaktong tatlo't kalahating taon. Iyon ang ikapitumpung bahagi ng Daniel—ang huling bahagi ng ikapitumpung sanlinggo. Kita n'yo, hindi pa nakikitungo ang Diyos sa Israel dito. Hindi pa po. Isang kapatid na lalaki ang nagtanong sa akin di pa katagalan, "Dapat ba akong pumunta sa..." Isang kapatid na lalaki dito sa simbahan, isang mahal at malapit na kapatid na lalaki ang nagsabi, "Nais kong pumunta sa Israel. Sa paniwala ko'y may paggising na nagaganap." May nagsabi sa akin, "Brother Branham, dapat ay pumunta ka na sa Israel ngayon din. Mabubuksan ang kanilang mga mata." Kita n'yo, hindi mo iyon maaaring gawin. Tumayo na ako ro'n, at naisip ko... Ang sabi ng mga Judio, "Kung ako'y... Buweno, kung si Jesus ito, kung ang Mesias," aniya, "ipakita mo sa akin na ginagawa niya ang tanda ng propeta. Paniniwalaan namin ang aming mga propeta," sapagkat dapat ay maging gayon sila. Napakaganda ng pagkakaayos," naisip ko. "Heto't paalis na ako." Pagdating ko ro'n, malapit na malapit na, sa... Ako ay nasa... Buweno, nasa Cairo na ako, at hawak ko na ang aking ticket patungong Israel. At ang sabi ko, "Hahayo ako at titignan ko nga kung hihilingin nila kung maaari bang makita nila ang tanda ng isang propeta; makikita natin kung tatanggapin nila si Cristo."

79 Nagpadala sa kanila si Lewi Pethrus ng Stockholm Church ng isang milyong mga Biblia, at ang mga Judiong nagsisipasok doon... Nakita n'yo na ang pelikula; mayroon ako dito niyon na nasa rolyo ngayon: "Three Minutes To Midnight." At ang mga Judio ay nagdadatingan mula sa buong mundo, sa lahat ng dako, nagsisimula na silang magkatipon do'n.

Matapos na pumasok do'n ang England nung panahon ni General Allenby sa "Decline of the World's War," sa ikalawang volume yata 'yon, at sila ay sumuko—ang mga Turk ay sumuko. Pagkatapos ay naibalik 'yon sa mga Israelita, at siya'y patuloy sa paglago bilang isang bansa. At ngayon, isa na siyang ganap na bansa, may sarili na siyang pera, pananalapi, watawat, hukbong sandatahan, at lahat ng iba pa. Kita n'yo?

80 At ang mga Judiong ito na nagbabalik sa kanilang lupang tinubuan, ay... Una, nang magtungo sila sa Iran at sa bandang iyon upang kunin sila, nagtanong sila—ang sabi nila... Siya'y... Gusto na nilang dalhin sila pabalik sa Israel, ibigay sa kanila ang kanilang—ibalik sila sa kanilang lupain, sa Palestina, kung saan sila dapat naroroon. At alalahanin n'yo, habang wala ang Israel sa lupaing iyon, siya'y wala sa kalooban ng Diyos. Tulad ni Abraham, na pinagbigyan nito. At nang... Ayaw nilang sumakay sa eroplano. Hindi pa sila nakakita ng anumang bagay na tulad niyon. May isang matandang rabbi na lumapit do'n at nagsabi, "Sinabi ng ating Propeta sa atin na sa pag-uwi ng Israel, sasakay ito sa mga pakpak ng agila." Sumakay sila sa eroplano pauwi... Hayun na siya ngayon, lumalaki, nasasauli ang puno ng igos. Amen. Ang lumang Tala ni David na may anim na tulis ay lumilipad na. The Gentile days numbered, With horrors encumbered...

81 Ang panahon ng kapighatian ay napakalapit na, nakaabang na rito, at ang mga Tatak ay nabubuksan na, ang Iglesia ay handa nang lumipad sa himpapawid, at ang kapighatian ay handa nang magsimula. Pagkatapos ang Diyos ay mananaog at hahatakin do'n ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Amen. Hayan... Oh, tamang-tama ito. Nakikita n'yo na kung saan hahantong ang mga Tatak (Kita n'yo?), nabubuksan ito. Ngayon, ito ang huling tatlo at kalahating taon para sa bayan. Gayundin, kung inyong mapapansin, ito ang panahon na tatawagin ng Diyos ang sandaan at apatnapu't apat na libong mga Judio sa huling tatlo at kalahating taong ito. Kita n'yo, hinding-hindi pa Siya nakikitungo sa kanila. Hindi pa sila nagkakaroon ng propeta. Wala silang ibang paniniwalaan maliban sa propeta. Hindi mo sila malilinlang. Kaya't diringgin nila ang isang propeta (Opo.); at iyon lang. Sinabi iyon sa kanila ng Diyos nung pasimula, at sila'y nananatili ro'n.

82 Ang sabi niya, "Ang Panginoong n'yong Diyos ay magpapalitaw ng isang propeta sa inyong kalagitnaan na tulad sa akin." Sinabi 'yon ni Moises. At aniya, "Inyo Siyang diringgin. At sinumang hindi duminig sa propetang

iyon ay mahihiwalay sa bayan." Tama. At kita n'yo, kinailangang bulagin sila kung hindi'y nakilala sana nila Siya. Sa halip ay sa pagkabulag nila, hinayaan nilang lukuban sila ni Satanas, at ang sabi nila, "Siya'y isang manghuhula, Beelzebub. Mapasaamin ang Kanyang dugo; alam naming wala siyang anuman." Kita n'yo? At ang abang mga taong iyon ay nabulag. Iyon ang dahilan kaya ang grupo sa ilalim ni Eichman, at lahat ng grupong pinaslang dati, ay may karapatang makapasok; kinailangang bulagin sila ng kanilang sariling Ama upang magawa Niya tayong makuha. Halos iyan ang pinakakahabag-habag na bagay sa Kasulatan. Isipin n'yo na lang, hiniling ng mga Judio ang dugo ng kanilang sariling Ama, ang Diyos nila ay nakabayubay do'n, duguan.

83 Tignan n'yo, "Doon ay kanilang pinako Siya sa krus," ang sabi ng Biblia. Iyan ay apat sa pinakadakilang mga salita... tignan n'yo. Doon, sa Jerusalem, ang pinakabanal na bayan sa mundo; kanila, ang pinakabanal na mga tao sa mundo; pinako sa krus, ang pinakabrutal na kamatayan sa mundo; Siya, ang pinakamahalagang Persona sa mundo. Bakit? Ang mga relihiyosong tao, ang pinakadakilang relihiyon sa mundo, ang tanging tunay na relihiyon sa mundo ay nakatayo ro'n, ipinapako sa krus ang pinaka Diyos na sinabi ng kanilang Biblia na darating. Bakit hindi nila iyon nakita? Sinasabi sa atin ng Biblia na binulag sila ng Diyos upang di nila ito makita. Sila'y... Ang sabi Niya, "Sino sa inyo ang makapagpaparatang sa Akin ng kasalanan?" Sa ibang salita, "Kung hindi ko ganap na ginawa ang nakahulang gagawin Ko, sabihin n'yo sa Akin." Ang kasalanan ay di pananampalataya. Ginawa Niya nang eksakto kung ano ang sinabi sa Kaniya ng Diyos, ngunit hindi nila iyon makita.

84 Ngayon, kapag kinakausap mo ang mga tao, para kang nagbubuhos ng tubig sa likuran ng isang bibi. Nauunawaan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Kahabag-habag ito. Kapag nakikita mo ang, bansang ito, at ang gawi ng mga tao, napakapormal nila, ang relihiyon... Ngunit hindi ba sinasabi sa atin ng Espiritu Santo na sila ay magiging mayayabang, mga mapagmalaki , mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga walang pagpipigil sa sarili, hindi mga maibigin sa mabuti. "May anyo sila ng kabanalan datapuwa't tinatanggihan ang kapangyarihan ng Ebanghelyo." Ang sabi, "Lumayo ka rin naman sa mga ito."

85 Heto na tayo; pinipilipit ito ng mga denominasyong ito. Kinukuha nila ang lahat ng kaluwalhatian at kapangyarihan, at ibinabalik sa mga apostol at ang iba pa ay sa milenyo naman.

Sadyang ganiyan lang ang tao, tulad ng nasabi ko na dati: Ang tao ay palaging nagpupuri sa Diyos dahil sa ginawa Niya, nag-aabang sa Kaniyang gagawin, at di pinapansin kung ano'ng ginagawa Niya sa kasalukuyan. Eksakto. Ganu'n pa rin ang tao. Naroon ang mga Judio na nagsasabi, "Luwalhati sa Diyos." Aba'y, tulad ng sabi ng ika-6 na kabanata ng San Juan, "Nagsikain ang aming mga magulang ng mana sa ilang." At ang sabi ni Jesus, "Ang bawat isa sa kanila'y nangamatay."

86 Nagsiinom sila ng tubig mula sa bato sa ilang at... ?... Ang sabi Niya, "Ako ang Batong iyon." Tama. Amen. Ang sabi Niya, "Ngunit Ako ang Tinapay ng Buhay na nagbuhat sa Diyos mula sa langit—ang Punong Kahoy ng Buhay na iyon dati. Kapag kinain ng tao ang tinapay na ito ay hindi siya mamamatay. Ibabangon Ko siyang muli sa huling mga araw." Oh, oh, hindi nila iyon makita. Tama. Ang Mesias na mismo na nakatayo ro'n ang nangungusap ng mga salita ng kanilang puso, at iba pang mga bagay na tulad niyon, ipinapakitang Siya ang Mesias, tulad ng kung ano'ng dapat na gawin ng Mesias. At nakatayo sila ro'n na nasa likod ang mga kamay, at, "Ha, hindi ito maaari. Hindi, hindi. Hindi siya dumating sa tamang paraan. Kita n'yo, nanggaling siya sa Bethlehem, at isa lamang siyang ilehitimong anak, at ang diablo ang gumagawa sa kaniya. Nalalaman nating siya ay baliw. Siya'y hibang; mayroon siyang demonyo." Kita n'yo, sa katunayan ay binulag do'n ang kanilang mga mata. Ngayon, ngunit inaabangan nila ang kanilang propeta; at tatanggapin nila ito, dalawang propeta ang tatanggapin nila. Tama.

87 Ngayon, pansinin n'yo muli. Ngayon, ganun din kapag ang mga Judiong ito ay... Bibigyan ko kayo ng isa pang munting simbulo upang inyong maunawaan na ang mga Judio ay nasa bandang ito ng pag-agaw. Masdan n'yo kung ano'ng mangyayari. Isinisimbulo rin ito (Hindi na tayo gugugol ng panahon upang gawin ito, sapagkat lalabas tayo rito.)—sinisimbulo rin ito sa kung tawagin ay kapighatian ni Jacob. Ngayon, tignan n'yo, ang mga Judiong ito ay... Pansinin n'yo. Oh, ito'y isang... Gugugol ako ng kaunting panahon dito. Ninenerbiyos ako kapag nagiging ganiyan na ang oras. Kita n'yo? Pansinin n'yo. Nais kong makita n'yo ito. At ako'y... At itong... Buweno, ipapakita ito sa inyo ng Diyos, tiyak ako. Tignan n'yo. Tinaglay ni Jacob ang pagkapanganay. Tama ba? Ngunit siya ay medyo naging madaya ro'n. Kita n'yo? Pumaroon siya't dinaya niya ang kaniyang ama; dinaya niya

ang kaniyang kapatid; lahat na ay ginawa niya; ngunit ganunpaman napasakaniya iyon ng legal; sapagkat ibinenta 'yon ni Esau. Ngunit nang magkagayon, nang magtrabaho siya para sa kaniyang biyanan, inilagay niya ang mga ng Alamo sa tubig upang manganak ang mga buntis na baka at iba pa ng mga batik-batik na baka, at, oh, alam n'yo na ginawa niya ang lahat ng bagay na tulad niyon, para lang

kumita ng pera.

88 Ngayon, masdan n'yo. Ngayon, siya ay pinalayas mula sa kaniyang pamilya. Ngayon, tipo iyon ng Judio. Siya'y isang mangangamkam ng salapi. Hindi mahalaga kung papaano niya iyon kukunin; makukuha niya iyon. Babalatan niya kayo nang buhay upang makuha iyon. Alam n'yo 'yan. Siya'y isang mandarambong; iyon lang. Naku, huwag kang makipagtipan sa kaniya. Lalamangan ka niya. Opo. Bakit? Kailangan niyang maging ganu'n. Iyon ang klase ng espiritung namamayani sa kaniya. 247 Katulad na katulad din ng hindi maunawaan ng mga reformer na iyon ang Salitang ito, sapagakat ang espiritu ng tao ang isinugo sa kanila. Ang kapanahunan ng agila ang makakukuha ng Salitang iyon at ng kapahayagan. Lahat ng nakauunawa niyan ay magtaas ng kamay, upang aking... Kita n'yo? Mabuti 'yan. Mainam 'yan. Kita n'yo, mabuti 'yan.

89 Ngayon, kita n'yo, kung makababalik kayo dito sa ilalim ng mga Tatak na ito, kung magagawa nilang... Kapag nabuksan na sila, makikita n'yo kung ano'ng ginagawa ng Diyos, kung ano'ng ginawa Niya, kung ano'ng gagawin Niya. Ganitong-ganito nga, at iyan ang dahilan kaya umasta ang mga tao nang ganu'n, sapagkat iyon ang espiritung naihula na mapapasakanila para sa kapanahunang iyon. Wala na silang iba pang magawa. Walang maka... Kina Juan, Pablo, at iba pa sa kanila, ang espiritu ng Leon ay naroon, ang L-e-o-n ay nakatayo ro'n, ang Salita Mismo... Nanindigan si Pablo sa Salitang iyon at nagsabi, "Nalalaman ko, na magsisilitaw sa kalagitnaan n'yo ang mga bulaang kapatid. At ang gagawin nila, magpapatuloy sila hanggang sa huling mga araw at kahindik-hindik na panahon." Bakit? Isa siyang propeta. Tumayo ang Salitang iyon sa kaniya, kung papaano magwawakas sa dakong iyon. Ang sabi niya, "may mga bulaang taong lilitaw sa inyong kalagitnaan at magsasalita ng mga bagay-bagay, at maghahatak ng mga kapatid na mga alagad. Ang anticristo nga talaga 'yon." Ganun nga ang naganap.

90 Pansinin n'yo, matapos nitong pumasok sa madilim na panahon ng kapighatian, naging ano na iyon? Wala silang anumang magawa. Inangkin ng Roma ang—nasa kaniya ang kapangyarihan ng relihiyon at taglay niya rin ang kapangyarihang pulitikal. Wala silang anumang magawa, kundi ang magpagal

upang manatiling buhay at ibigay ang kanilang mga sarili bilang sakripisyo. Baka kasi iyon. Iyon ang tanging magagawa nila. Iyon ang klase ng espiritu na natanggap nila, ang Espiritu ng Diyos, ang baka. Pagkatapos ay dumating ang mga reformer, ang ulo ng tao, tuso, marunong: sina Martin Luther, John Wesley, at iba pa; sina Calvin, Finney, Knox, at iba pa sa kanila. Nagdatingan sila, at nang mangyari 'yon, sila ay naging mga reformer. Dumating sila na nagrereporma—inilalabas ang mga tao. At pumihit sila pabalik tulad ng ginawa nila dati at nagpakasal muli sa kaniya sa sistemang makadenominasyon. Ganu'n nga. Ito ang sabi ng Biblia. Siya ay isang patutot, at mayroon siyang mga patutot na mga anak na babae. Eksaktong-eksakto.

91 At sinabi ng Diyos, "Binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi, ngunit hindi niya ginawa, kaya't kukunin ko siya sampu ng kaniyang mga anak, at ibubulid ko sila sa dapat nilang kalagyan." Eksakto nga 'yon. Ngayon, iyan ang... Sinabi 'yan ng Diyos sa ilalim ng Tatak na ito—sa ilalim ng Tatak. Ngayon, hayun siya. Nakita natin na ginagawa Niya iyon, at gagawin Niya iyon. At ang bawat isa sa kanila ay patungo sa direksyong iyon. Ngunit ang lahat na ang mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay tatawagin ng Diyos; maririnig nila 'yon. "Dinirinig ng aking mga tupa ang Aking tinig," ang sabi ni Jesus. Ang kailangan lang nating gawin ay ang manawagan sa mga tupa. Hindi iyon alam ng mga kambing.

92 Pansinin n'yo. Ngunit makikita n'yo na ang panawagan sa mga tupa... "Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig." Bakit? Ano ba ang isang tinig? Nais kong sabihin sa inyo kung ano ang isang tinig. Ang tinig ay isang espirituwal na tanda. Sinabihan Niya si Moises, "Kung ayaw nilang pakinggan ang tinig ng unang tanda, pakikinggan nila ang tinig ng ikalawang tanda. Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig." Sa panahong ang mga bagay na ito ay dapat nang nagaganap sa huling mga araw, ito ay makikilala ng mga tupa ng Diyos. Kita n'yo, kita n'yo? Makikilala nila iyon. "Nakikilala Ako ng Aking mga tupa"; (Kita n'yo?) "sa iba'y hindi sila susunod." Hindi sila susunod sa mga estranghero. Dapat ang isang bindikadong tanda para sa araw na iyon, kung magkagayo'y makikita nila 'yon.

93 Ngayon, ngayon, pansinin n'yo. Ngayon, si Jacob, sa kaniyang pagahon, pagdaka'y nagnasang magpunta saan? Pabalik sa lupang tinubuan. Oh, iyan nga ang ginawa ng Israel. Iyan—iyan—iyan ay ang Israel. Si Jacob ay si Israel. Kapapalit lang ng kaniyang pangalan, alam n'yo. Kita n'yo? At

humayo siya ro'n, at kinuha niya ang lahat ng perang taglay niya at lahat ng makukuha niya, at kinuha niya iyon sa anumang paraang maaari niyang makuha mula sa kaniyang mga kamag-anak o sa iba pa. Samakatuwid sa pandaraya, at pagnanakaw, pagsisinungaling—sa anumang paraan na maaari niya iyong makuha, kinuha niya. Kita n'yo? Ginawa niya 'yon. At nang siya ay papauwi na, nagkaroon siya ng pananabik sa kaniyang puso para sa lupang tinubuan. Ngunit sa paghayo niya, nang siya ay pabalik na nakatagpo niya ang Diyos. At napalitan ang kaniyang pangalan. Kita n'yo? Ngunit sa panahong ito labis siyang nag-alala dahil natatakot siya na siya'y hinahabol ni Esau. Kita n'yo? At siya ay—masdan n'yo ang pera—ang alok na pera. Tulad ng susubukin ng mga Judio na makipagtipan sa Roma (Kita n'yo?), at aalukin sila ng pera.

94 Pasinin n'yo. Noon ay di kailangan ni Esau ang kaniyang pera; ganu'n din naman ang Roma; hawak niya ang kayamanan ng mundo sa kaniyang mga kamay. Kita n'yo? Ngunit hindi iyon umubra. Ngunit makikita natin ngayon na ang Israel sa panahon ng kabagabagang iyon, nung siya ay si Jacob pa, nakipagbuno siya sa... Nakahawak siya ng isang bagay na tunay. May isang lalaking dumating. Niyapos siya ni Jacob, at nanatili siya ro'n. At sinabi ng lalaking iyon, "Kailangan ko nang umalis ngayon. Naguumaga na." Oh, ang pagbubukang-liwayway na iyon... Kita n'yo? "Malapit nang mag-umaga." Ngunit ang sabi ni Jacob, "Hindi kita iiwan. Hindi Ka maaaring umalis. Mananatili akong kasama Mo. Nais kong mabago ang mga bagaybagay dito." Iyan ang sandaan at apatnapu't apat na libo, ang lupon na iyon na maparaan sa pera at iba pang tulad niyon. Kapag nakita nila ang tunay na bagay na mahahawakan, nandu'n si Moises, at nandu'n si Elias. Amen. Makikipagbuno sila sa Diyos hanggang sa matawag doon ang sandaan at apatnapu't apat na libo mula sa mga angkan ng Israel. Iyon ay bago dumating ang kapanahunan ng kapighatian. Kita n'yo? Oh, napakakamangha-mangha. Iyon din ang kabagabagan ni Jacob. Dito matatawag ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Sila, ang mga mangangaral, ang dalawang propetang iyon, mangangaral sila tulad ni Juan Bautista, "Ang Kaharian ng langit ay nalalapit na. Magsisi kayo, Israel." Magsisi saan? Magsisi sa inyong mga kasalanan at inyong di pananampalataya, at magbalik sa Diyos.

95 Ngayon, tandaan natin ang isang bagay dito. Ang mga dakilang pangyayaring ito sa kalikasan, ay naganap na dati, sa ika-12 talatang ito. Kita

n'yo? Ang araw ay naging sing-itim ng magaspang na kayong buhok. Ngayon, ikumpara n'yo ito... Ngayon, tandaan n'yo, hindi 'yon mangyayari sa Hentil. Sa Israel 'yon. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo. Ngayon, alalahanin n'yo, sinabi kong tatawagin niyon ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Kita n'yo? Ang pagkakataong ito ay sa panahon ng kapighatian na siyang tutupad dito. At ito ay naghahayag ng kung ano'ng mangyayari sa kapighatian.

96 Ngayon, buklatin natin ang Exodo 10:21-23, at masdan n'yo dito, ang Exodo ay nang papalabas ang Israel—sila'y ilalabas: ika-10 kabanata ng Exodo at ika-21 hanggang ika-23 talata. Ako'y masyadong natutuwa at nagsisisigaw kapag isinusulat ko ang mga talang ito na magkaminsan ay napaghahalo-halo ko. Sige, Exodo 10:21-23. Sige, heto na—21 at 23. At sinabi ng Panginoon kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay sa dakong langit, upang magdilim sa lupain ng Egipto, ng kadilimang mahihipo. At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay sa dakong langit; at nagsalimuutan and dilim sa buong lupain ng Egipto, na tatlong araw: (Kita n'yo?) Sila'y hindi nagkikita, at walang tumindig na sinoman sa kinaroroonan sa loob ng tatlong araw; kundi lahat ng mga anak ni Israel ay nagilaw sa kaniyakaniyang tahanan.

97 Pansinin n'yo, katulad na katulad ng naganap doon: "At ang araw ay naging sing-itim ng kayong magaspang..." Pareho, ang mga pangyayaring ito sa kalikasan. Ano iyon? Ano, kailan nangyari na nagkaganito ang kalikasan? Sa pagtawag ng Diyos sa Israel. (Kita n'yo?) Tinatawag ng Diyos ang Israel. Ngayon, "araw na sing-itim ng buhok..." Ngayon, napipinto nang palayain ng Diyos ang Israel doon (Tama.), ilalabas sila sa kamay ng kanilang kaaway, na walang iba kundi ang Egipto nung panahong iyon. Ngayon, dito naman ay inilalabas Niya sila sa mga kamay ng Romano, kung saan ay nakipagtipan sila. Pareho ang mangyayari. Iyon ang mga salot. Sa panahon na mananawagan ang mga salot na ito, sasalutin nila ang grupong ito ng mga Hentil. Kung mayroon tayong panahon, maipapakita ko kung ano'ng mangyayari sa iglesiang Hentil na iyon. Sinabi ng Biblia na ang dragon, si Satanas, ay nagalit (Iyon ay napoot.) sa babae (sa Judio, ang Israel); at naglabas siya ng tubig mula sa kaniyang bibig (makapal at maraming mga tao) na nakipagbaka sa labi ng binhi ng babae (Apocalipsis 13). Ngayon, nakikita n'yo ba ro'n? Mayroon tayo niyan. At iyon ay kapag isinugo siya ng Israel, ang ibig kong sabihin, kapag isinugo ng Roma ang kaniyang hukbo upang habulin ang labi, ang natira sa binhi ng babae.

98 Ngayon, masdan n'yo. Nang unang iligtas Niya sila sa kamay ng kanilang kaaway, ang araw ay naging sing-itim ng magaspang na kayo. Ngayon, ito ang ikalawang pagkakataon, ang dulo ng panahon ng kapighatian. Ngayon, sa Daniel 12, kung mayroon tayong panahon, maaari natin itong basahin. Sa ika-12 talata—ika-12 kabanata pala, ang sabi ni Daniel, "Ang bawat isang nasumpungang nakasulat sa Aklat ay maliligtas." Ngayon, alalahanin n'yo, nangungusap si Daniel tungkol sa panahong ito, kung kailan ang bagay na ito ay dapat na maganap, kung kailan ang Israel ay maliligtas, sa dulo ng ikapitumpung sanlinggo... At doon sila pinaniniwalaang maliligtas. Ngayon, tignan n'yo. Ating... Pupunta tayo dito sa Daniel 12 sandali. At sa panahong iyon ay tatayo si Miguel, na dakilang prinsipe na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan;... (Kita n'yo? Iyon ay mga Judio.)... at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailanman mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon:... Ngayon, ikumpara n'yo 'yan nang husto sa sinabi ni Jesus, Mateo 24. Magkakaroon ng kabagabagan na hindi pa naganap mula ng magkaroon ng bansa. Tignan n'yo ang Ikaanim na Tatak. Kita n'yo? Pareho, isang panahong ng kabagabagan. Pansinin n'yo. ... mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon; at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan,... (Ngayon, sa pitong ito—sa huling bahagi ng ikapitong taon.)... ang iyong bayan, bawa't isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat. (Ang itinalaga, kita n'yo, na nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero ay maliligtas sa panahong iyon.) At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang

hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihiyan at sa walang hanggang pagkapahamak. (Ngayon.) At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man.

99 Iyan, at nang sabihan Niya si Daniel na isara ang Aklat, dahil magpapahinga Siya sa Kaniyang bahagi hanggang sa panahong iyon. Ngayon, kita n'yo, hindi mahalaga kung mamatay ka o mabuhay ka; magbabangon ka rin naman. Kita n'yo? Huwag kayong... iyan... Walang anuman ang pagkamatay sa isang Cristiano. Hindi naman siya namamatay. Kita n'yo?

Ngayon, sinabi ng Daniel 12 na bawat isang masumpungan na nakasulat sa Aklat ay maliligtas. Narito ang Diyos ay napipinto nang iligtas ang Kaniyang ikalawang anak, ang Israel, pagkatapos ng kapighatian. Kita n'yo, sa ikalawang pagkakataon na ang Israel ay... Ang Israel ay anak Niya; alam n'yo 'yan. Ang Israel ay anak ng Diyos. Kaya't ililigtas Niya siya dito sa panahong ng kapighatian tulad na tulad ng ginawa Niya ro'n sa Egipto.

100 Ngayon, huminto tayo ulit dito at kumuha tayo ng iba, bago natin ito maipahatid nang husto. Ngayon, masdan n'yo ang dalawang propeta rito, tignan n'yo ang kanilang gagawin ngayon: tulad ng ginawa ro'n ni Moises at ng kaniyang mga kasama. "At binigyan ako ng isang tambong katulad ng isang panukat: at..." (Sa ika-3 talata ng ika-11 kabanata.) At pagkakalooban ko ng kapangyarihan ang aking dalawang saksi, at sila'y magsisipanghulang isang libo at dalawang daan at anim na pung araw, na nararamtan ng magaspang na kayo. Ang mga ito'y ang dalawang punong olibo at ang dalawang kandelero, na nangatayo sa harapan ng Panginoon ng lupa. At kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig,... (Naalala n'yo, mula sa bibig ni Cristo ay lumalabas ang tabak, ang Salita)... lumalamon sa kanilang mga kaaway; at kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak ay kailangan ang mamatay sa ganitong paraan.

101 Ngayon, alam natin na ang apoy sa ika-19 na kabanata, tungkol sa pagdating ni Cristo, lumalabas ang Kaniyang Tabak mula sa Kaniyang bibig, at iyon ay ang Salita (Tama ba?), ang Salita. Oh, kung makukuha n'yo ang materyales na ito ngayon para sa Tatak na iyon bukas ng gabi... Kita n'yo? Ang Salita ang pinangpapatay ng Diyos sa Kaniyang kaaway. Kita n'yo? Ngayon, tumingin kayo dito. Kapag ang mga propetang ito ay nanghuhula, sila'y, kanilang... Kapag minaltrato sila ninuman, sinaktan sila, lalabas ang apoy mula sa kanilang bibig, Apoy ng Espiritu Santo, ang Salita. Ang Salita ay Diyos. Ang Salita ay Apoy. Ang Salita ay ang Espiritu (Kita n'yo?), lumalabas sa kanilang bibig.

102 Tignan n'yo si Moises. Tignan natin kung ano'ng lumabas sa kaniyang bibig. Sila'y... Ang Israel ay humantong sa—sa gawi nila ro'n, at ang... Ang ibig kong sabihin ay sa Egipto. Minamaltrato nila ang mga Judiong ito. Si Moises... Ayaw nila silang palayain; ayaw ni Faraon. Inilagay ng Diyos ang Salita sa bibig ni Moises. Kita n'yo, mga kaisipan iyon ng Diyos na pumasok sa puso ni Moises; humayo siya upang ihayag iyon, at iyon ay naging ang Salita. Iniunat niya ang kaniyang kamay, aniya, "Magkaroon nawa ng mga langaw," at heto na ang mga langaw. Tignan n'yo rito.

At kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig ay lumalamon sa kanlang kaaway:... Kita n'yo? Hayun. Maaari nilang bigkasin ang nais nila, at doon mismo ito'y mangyayari. Amen. At kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak ay kailangan ang mamatay sa ganitong paraan. Kapatid, ang Diyos ay nakasakay sa tagpong ito. Ang mga ito'y may kapangyarihang magsara ng langit upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula:... Si Elias, alam niyang gawin ito; ginawa na niya ito dati. Amen. Alam itong gawin ni Moises. Ginawa na niya iyon dati. Iyon ang dahilan na sila ay napigilan. Ngayon... Amen.

103 Maaari akong magsabi ng isang bagay na napakaganda dito mismo, ngunit sa palagay ko'y pipigilin ko hanggang bukas ng gabi. Kita n'yo? Tama. ... at may kapangyarihan sila sa mga tubig na mapaging dugo, at mapahirapan ang lupa ng bawa't salot sa tuwing kanilang nasain. Nakukuha n'yo na ba ngayon? Hayan ang inyong Tatak. Sino ang gagawa nito? Ang mga propeta sa kabilang banda ng pag-agaw. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, ng Salita ng Diyos, kanilang hahatulan ang kalikasan. Maaari silang magsugo ng mga lindol, gawing dugo ang buwan, ang buwan ay maaaring lumubog o anuman sa kanilang utos. Amen.

104 Hayan. Hayan. Kita n'yo? Kita n'yo kung papaanong nagbukas ang mga Tatak sa kapanahunan ng iglesia, kung papaano nitong ipinakikita ang mga martir? At ngayon, narito ang dalawang propetang ito na nakatayo taglay ang Salita ng Diyos upang gawin sa kalikasan anumang naisin nila, at kanilang niyayanig ang lupa. At ganap nitong ipinakikita kung sino ang gagawa nito. Sina Moises at Elias, 'pagkat iyon ay ang kanilang ministeryong naisakatawang tao muli: silang dalawa. Ay, naku. Nakikita n'yo na ba ngayon? Nakikita n'yo na ba kung ano ang Ikaanim na Tatak? Ito'y ang mga propetang iyon. Ngayon, pansinin n'yo. Huwag n'yong hayaang mabilaukan kayo nito, ngunit masdan n'yo kung anong nagbukas ng Tatak na iyon: mga propeta. Kita n'yo? Amen. Hayan. Oh, tayo'y nabubuhay sa panahon ng agila, kapatid, papaakyat sa mga ulap. Binuksan nila ang Ikaanim na Tatak na

iyon. Mayroon silang kapangyarihang gawin iyon. Amen. Hayan ang pagbubukas ng inyong Ikaanim

na Tatak. Kita n'yo?

105 Ngayon, magbalik tayo dito sa ipinangusap ni Jesus na magaganap: noon pang Lumang Tipan, doon pa sa Ezekiel, doon sa mga dating propeta, nangusap silang ito ay magaganap. At heto't nagbukas na ang Ikaanim na Tatak, at ang sabi nila, "Buweno, iyon ay isang mahiwagang bagay. Ano'ng may gawa niyon?" Narito ang lihim niyon, ang mga propeta, sapagkat ito ang sinasabi ng Biblia dito. Maaari nila itong buksan kailan man nila... Maaari nilang gawin ang anuman naisin nila sa kalikasan. At gagawin nila ang kaparehong bagay na ginawa nila dati (Amen.), sapagkat alam nila kung papaano ito ginagawa. Amen. Luwalhati. Nang makita ko 'yon, bigla akong tumayo mula sa upuan at nagsimulang lumakad nang paroo't parito sa sahig. Naisip ko, "Panginoon, pinasasalamatan kita nang lubos, makalangit na Ama." Hayan na 'yon. Iyon na. Binuksan nila ang Ikaanim na Tatak na iyon. Amen. Masdan n'yo sila. Kapag sasaktan sila ng sinuman, may apoy na lumalabas na apoy sa kanilang bibig, ang Salita. Ang Espiritu Santo ay lumukob sa mga alagad. Nakikita n'yo ba? May apoy na lumalabas sa kanilang bibig.

106 Ngayon, pansinin n'yo sa Apocalipsis 19, makikita natin ang kaparehong bagay, at may isang malaking Tabak na lumalabas sa Kaniyang bibig: ang Salita. Kita n'yo? Ang pagdating ni Cristo, at Kaniyang nilipol ang mga kaaway sa pamamagitan nito. Tama ba? Ngayon, Siya ay paparating na. Manmanan n'yo na Siya ngayon. Tama. Ang mga ito'y may kapangyarihang magsara ng langit upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula... Naku, iyan ay paggambala sa kalikasan. Ngayon, gaano katagal sinara ng lalaking ito na si Elias ang langit? [Ang kongregasyon ay sumagot: tatlo't kalahating taon—Ed.] Hayan, eksakto. Gaano katagal ang huling bahagi ng ikapitumpung linggo ni Daniel? [Ang kongregasyon ay sumagot: tatlo at kalahating taon—Ed.] Hayan, eksakto.

107 Ano ang ginawa ni Moises? Ginawa niyang dugo ang tubig; ginawa niya ang lahat ng uri ng himalang ito, katulad na katulad ng ipinangako dito sa ilalim ng Ikaanim na Tatak. At heto sila sa Apocalipsis 11, na gumagawa ng kaparehong kaparehong mga bagay. Amen. May tatlong magkakaibang lugar diyan sa Kasulatan na nagtutugma sa bagay na iyon. Iyon ay ang pagbubukas ng Ikaanim na Tatak. Hayan na nga. Amen. Luwalhati. Ngayon, pansinin.

Ang mga ito'y may kapangyarihang magsara ng langit upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula: at may kapangyarihan sila sa mga tubig na mapaging dugo, at mapahirapan ang lupa ng bawa't salot sa tuwing kanilang nasain. Ay, naku. Hayan. Ngayon, bumaling tayo ngayon dito sa mga salot. Kita n'yo? Ang buong kalikasan ay nagambala sa Ikaanim na Salot na ito—o sa pagbagsak ng Ikaanim na Tatak. Ganiyan nga talaga ang naganap.

108 Ngayon, tignan n'yo. Kita n'yo, dito ay handa nang iligtas ng Diyos ang Kaniyang anak na Israel, pagkatapos ng kaparehong uri ng kapighatian na ginawa Niya ro'n. Isinugo Niya si Moises do'n at iniligtas ang Israel. Tama ba? At ginawa niya ang kaparehong kaparehong mga bagay na ito. Isinugo Niya si Elias kay Achab, at pitong libo ang lumabas. Tama ba? Isusugo Niya sila muli dito sa panahon ng kapighatian at tatawagin ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Ngayon, kita n'yo, napansin n'yo, sa pagitan ng Apocalip—o sa pagitan ng ika-6 na kabanata, o ika-6 na salot, Tatak (Pagpaumanhinan n'yo ako)—ang Ika-6 na Tatak at ang Ika-7 Tatak ng Apocalipsis kung kukuwentahin ay magkatabing magka...

109 Tulad ng ang America ay bilang labintatlo: labintatlong estado ang pasimula nito, labintatlong bituin ang nasa watawat, labintatlong colony, labintatlong guhit; ang lahat ay labintatlo, labintatlo, at makikita rito sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis. Tama. Siya'y labintatlo at isang babae. Ngayon, nung ililigtas na Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, na nag-iisa Niyang Anak. Si Jacob ay Kaniyang Anak, ngunit ito ay ang Kaniyang bugtong Anak.

110 Mateo 27, tignan natin kung ano'ng ginawa Niya do'n. Ika-27 kabanata ng Mateo. Ngayon, tandaan n'yo, ang Anak Niya ay binugbog, at binagabag, at pinagtawanan nila Siya, at nakabitin na Siya sa krus nang ika-3 ng hapon ng Biyernas Santo—napipinto nang maganap. Mateo, ika-27 kabanata ng Mateo at ika-45 talata, sa paniwala ko. Mula nga nang oras na ikaanim ay nagdilim sa ibabaw ng buong sangkalupaan hanggang sa oras na ikasiyam. Ngayon, pansinin n'yo kung ano'ng eksaktong ginawa Niya rito ngayon. Kita n'yo? At nakita ko nang buksan niya ang ikaanim na tatak, at nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim, at ang buwan ay naging gaya ng dugo;

Karimlan, kadiliman: Egipto—karimlan, kadiliman, inililigtas ng Diyos si Jesus sa krus, bago Niya Siya inahon sa pagkabuhay na muli... Una, kadiliman: ang araw ay lumubog sa katanghaliang tapat, at ayaw magliwanag ang mga bituin. Dalawang araw pagkatapos niyon, Siya ay babangunin Niya sa pamamagitan ng makapangyarihang tagumpay. Pagkatapos ng araw, at buwan, at mga bituin, at lahat ng nasa Egipto, lahat ng nangyaring ito, iniligtas Niya ang Israel patungo sa lupang pangako.

111 Ito ay sa panahon ng kapighatian, at nakatayo rito ang mga propetang iyon na nagkokontrol sa pamamagitan ng Salita na ibinibigay sa kanila ng Diyos. Makapagsasalita lamang sila habang binibigay sa kanila ng Diyos ang Salita. Ngayon, hindi sila mga diyos. Sila'y, pansamanatang—maliliit na diyos sila, sapagkat ganun sila ayon kay Jesus. Ang sabi, "Tinatawag ninyong mga diyos ang dinaratnan ng Salita

ng Diyos." Buweno, tignan n'yo. Diyan hinahatid ng Diyos ang Salita. At kapag ipinangusap niya ito, ito'y nagaganap. Iyon lang. At narito siya taglay ang atas mula sa Diyos na hampasin ang lupa ng anumang ibigin nila. Ay, naku. Pahihintuin ang kalangitan, at nagagawa niya iyon. Ano ang dahilan? Napipinto na Niyang ilabas ang sandaan at apatnapu't apat na libo para tubusin, mula sa Aklat ng Katubusan. At iyon ay nasa ilalim ng Tatak ng katubusan, sa ikaanim na Tatak. Iyon na 'yon, mahal kong mga kaibigan. Iyan ang Ikaanim na Tatak na iyon, naging mahiwaga...

112 Kunin nating halimbawa... Mayroon pa tayong sampung minuto. Gumugol tayo ng kaunti. Mayroon akong mga dalawa o tatlong pahina. Buweno, mayroon akong... Makikita n'yo rito; sa palagay ko'y tungkol ito sa... Tungkol sa isang iyon, sa palagay ko'y mayroon akong mga labinlimang pahina pang natitira na maaari kong puntahan. Oh, napakarami ng tungkol diyan. Naku, maaari kang magpunta sa iba't ibang dako, ngunit nangangamba ako na malilito ko kayo kapag masyado kong ikinalat. At hindi ako... Hindi ko iyon mapagsamasama tulad ng nararapat kong gawin.

113 Sa Isaias, kunin natin ito. Nakita ni Isaias na nabuksan ang Ikaanim na Tatak na ito at nangusap siya tungkol dito. Iyon ay kung mahalaga ba ito o hindi. Kita n'yo? Buweno, ang buong bagay na ito—ang buong plano ng katubusan ay nasa ilalim ng mga Tatak na ito, sa buong Aklat. Ngayon, alalahanin n'yo, nakita nating nakita ito ni Jesus. Tama ba? Kita n'yo? Nakita ito ni Jesus. At ngayon, makasusumpong tayo ng ibang

nakakita nito. Nakita nating naitipo ito kay Jacob. Nakita nating naitipo ito sa Egipto. Nakita nating naitipo ito sa krus. Ngayon, magbalik tayo sa Isaias. Marami pa akong mga propetang nakasulat din dito. Ating lamang... Gusto ko ito—ito ay tungkol kay Isaias. Magbalik tayo dito sa Isaias, sa ika-13 kabanata ng Isaias. Nais kong...

114 Ang Isaias ay ang—kumpletong Biblia sa ganang sarili nito, alam n'yo. Alam n'yo ba 'yon? Kita n'yo? Nag-uumpisa ang Isaias sa paglikha, sa kalagitnaan ng aklat ay hinahatid niya si Juan, at sa dulo ay hinahatid niya naman ang milenyo. At mayroong animnapu't anim na aklat sa Biblia, at animnapu't anim na kabanata sa Isaias. Isang itong kumletong encyclopedia sa ganang sarili nito. Ngayon n'yo, sa ika-13 kabanata na ngayon ng Isaias. Magsimula tayo dito sa ika-6 na talata. Magsiangal kayo; sapagka't ang araw ng Panginoon ay malapit na; darating na pinaka paggiba na mula sa Makapangyarihan sa lahat.

115 Masdan n'yo ang Ikaanim na Tatak na ito na nagbubukas ngayon dito, pitong daan at labintatlong taon bago dumating si Cristo. Dalawang libong taon na mula nang dumating Siya; mga pito—mga dalawampu't pitong daang taon na ang nakararaan nang makita ni Isaias na nakaladlad doon ang Tatak na ito. Sige. Kaya't lahat ng kamay ay manghihina, at bawa't puso ng tao ay manglulumo; Ano ang sinabi ni Jesus, "At dahil ang katampalasanan ay sasagana ang pag-ibig ng marami ay manlalamig sa panahong iyon, at ang puso ng mga tao ay manglulumo dahil sa takot; uugong ang karagatan." Kita n'yo? Manlulupaypay ang mga tao. At sila'y manglulupaypay; mga pagdaramdam at mga kapanglawan ay dadanasin nila; sila'y mangaghihirap na gaya ng babae sa pagdaramdam: mangagkakatigilan; ang kanilang mga mukha ay magiging parang liyab. Pansinin n'yo rito. Oh, ang kanilang mga mukha ay mahihiya... Kailangan nating pumunta riyan sandali. Titigilan natin 'yan. Kita n'yo?

116 Narito, ang kaarawan ng Panginoon ay dumarating, mabagsik na may poot at mabangis na galit; upang gawin kagibaan ang lupa, at upang lipulin mula roon ang mga makasalanan niyaon. (Ang lupain, ang kabuuan niyon, mga kapatid. Kita n'yo? Pansinin n'yo.)

Sapagka't ang mga bituin ng langit at ang mga gayak niyaon, hindi magbibigay ng kanilang liwanag; ang araw ay magdidilim sa kaniyang pagsikat, at hindi pasisilangin ng buwan ang kaniyang liwanag. At aking parurusahan ang sanglibutan dahil sa kanilang kasamaan, at ang mga masama dahil sa kanilang kabalakyutan; at aking ibababa ang (Hindi ko... hindi ko alam ko papaano ito binabaybay.) [Ang sabi ng kongregasyon, "kapalaluan."—Ed.] (Hindi ko 'yon mabigkas. Kita n'yo?] ng kakilakilabot Kita n'yo do'n, eksaktong eksakto, nakita ni Isaias ang katulad ng ipinangusap ni Jesus, na ipinahahayag ng Ikapitong Tatak, kapag nililinis na Niya ang lupain sa pamamagitan ng mga kapighatian. Iyon ang panahon ng kapighatian, ang Ikaanim na Tatak na ito. Oo, siya ay isang propeta, at ang Salita ng Diyos ay nahayag sa kaniya. Iyon ay dalawampu't pitong daan nang nakararaan.

117 Tunay, nais ko lang itong sabihin: Ang buong sanlibutan tulad ng sabi ni Isaias dito... Tulad sa isang babaeng nasa pagdaramdam, ang buong sannilikha ay nagdaramdam. Ano'ng dahilan ng pagdaing at pagdaramdam na ito, tulad sa isang babae na nanganganak, ang mundo mismo, ang kalikasan... Aba'y ang syudad na ito... Ihalimbawa natin ang sarili nating syudad, kung saan may mga beer joint, at prostitusyon, at karumihan, at mga hamak na mga tao, tulad ng ibang syudad... Aba'y sa wari ko'y mas mabuti sa Diyos na tignan Niya ito sa kalagayan nito nung isang libong taon na ang nakalilipas. Nang ang Ilog ng Ohio ay umaagos pa nang malakas, di sila nagkakaroon ng pagtaas ng tubig, at pagbaha. Wala silang kasalanan sa lambak. Ang buffalo ay nakagagala rito, at binabaril ito ng Chorokee upang makapamuhay nang mainam. Walang anumang problema. Ngunit nang magpasukan ang mga tao, do'n pumasok ang kasalanan. Nang dumami ang mga tao sa ibabaw ng lupa, ang kasalanan at karahasan ay

pumasok na rin (Tama 'yon.), sa tuwina ang tao ang dahilan. Aba'y palagay ko'y nakakahiya ito.

118 Nakatayo ako nung isang araw sa lugar namin ngayon do'n sa Arizona. At nabasa ko nung bata pa ako ang tungkol kina Geronimo at Cochise at—ang mga Apache nung araw, nangaral ako sa kanila do'n sa itaas: mabubuti silang tao, at ilan sa pinakamabubuting tao na nanaisin n'yong makilala ay ang mga Apache Indian na iyon. At nagpunta ako sa Tombstone, kung saan inilagay nila ang mga lumang labi at iba't ibang bagay mula sa giyera. At tinignan ko ang... Palagi nilang... Alam n'yo palagi nilang itinuturing si Geronimo bilang isang rebelde. Para sa akin siya'y isang purong Amerikano. Tunay nga. Pinaglaban lang niya ang kaniyang mga karapatan tulad ng gagawin ng sinuman. Ayaw niya ng karumihang iyon sa kaniyang

lupain, at tignan n'yo kung ano na 'yon ngayon, ginagawa nitong mga prostitute at iba pa ang kaniyang mga anak na babae magmula nang dumating do'n ang mga puti. Ang puti ang tampalasan. Ang Indian ay konserbatibo; mapag-alaga siya ng kalikasan. Pag lumabas siya at pumatay ng isang buffalo; kinakain ng buong tribo anumang labi niyon. Ginagamit nila ang balat upang gawing mga damit at kubol at lahat ng iba pa. Samantalang ang puti naman ay darating at babarilin 'yon bilang isang target lang. Aba'y, kahiya-hiya 'yon.

119 Nakabasa ako ng isang artikulo sa diaryo kung saan sa Africa, na isang malaking lugar at puno ng mga maiilap na hayop, nando'n ang mga lalaking ito na sina Arthur Godfrey at mga kasama niya, nagpupunta sila ro'n upang pagbabarilin ang mga elepante at iba pa mula sa mga helicopter at iba pang tulad niyon. Mayroon du'ng litrato ng isang matandang babaeng elepante na naghihingalo, at ang mga luha niya ay umaagos sa kaniyang mukha at inaalalayan siya ng dalawang lalaking elepante upang panatiliing... Aba'y kasalanan 'yon. Hindi iyon libangan. Kapag nandu'n ako sa kaparangan, kung saan ako nangangaso at iba pang tulad niyon, at nakikita ko ang mga puting mangangaso na pamaparoon at binabaril ang mga usa at hihiwaan lang ng kapiraso sa likuran at minsan pumapatay ng walo o sampung mga babaeng usa at iniiwan ang mga iyon na nakabulagta ro'n, at ang kanilang maliliit na anak ay nagpapagala-gala sa paghahanap sa kanilang ina, at ibig n'yong sabihin na iyon ay paglilibang? Iyon ay malupit at ganap na pagpatay ayon sa aking aklat.

120 Sana ang Canada ay hindi magkaroon ng mga kalsada kailan man habang nabubuhay ako, upang di makapasok do'n ang mga taksil na Amerikano. Tama. Sila ang pinakamahinang klase ng mga mamamaril na nakita ko sa buhay ko. Ngayon, di naman lahat, mayroong ilang mga tunay na lalaki, ngunit isa lang sa isang libo ang masusumpungan n'yong ganun. Binabaril nila lahat ng makita nila, sa anumang paraang gusto nila (Tama.); mamamaslang 'yon. Tama. Wala siyang puso. Mamamaril siya nang wala sa panahon. Habang naroroon ako sa Alaska, kasama ko ang isa sa mga guide. Ang sabi niya, "Nakakuha ako... Kung lalabas ako ro'n ngayon makakakita ako ng maraming malalaking elk—o hindi elk, kundi mga moose na nakabulagta ro'n na may mga butas ng bala ng machine gun sa kanilang mga sungay gawa ng mga pilotong Amerikano sa Alaska na bumaril sa kanila mula sa eroplano—isang kawan ng mga moose. Iyon ay pawang pamamaslang...

121 Alam nila na pag pumatay sila ng buffalo do'n, maaaring mapinsala nila ang Indian, mamamatay siya sa gutom. Iyon ang dahilan kaya kinailangang sumuko ni Cochise, lahat ng kaniyang mga prinsesa at lahat ng iba pa sa kanila, ang kaniyang mga anak, at lahat ng kaniyang kamag-anak ay namamatay na sa gutom. Lumalabas sila ro'n na may napakaraming kargadang buffalo dahil pinagbababaril ng mga sundalo lahat ng mga buffalo na iyon, apatnapu, limampu sa isang hapon lang. Alam nila na kapag pinatay nila ang mga iyon, na nagapi na rin nila ang mga Indian. Ay, naku, isang batik sa watawat ang ginawa nilang pagtrato sa mga Indian na iyon. Hayan. Nguniti alalahanin n'yo, ang sabi ng Biblia, "Ang oras ay darating na ipapahamak ng Diyos ang mga nagpapahamak ng lupa." At ang buong daigdig...

122 Tignan n'yo ang mga lambak. Nakatayo ako ro'n nung isang araw habang nakatingin sa lambak ng Phoenix. Umakyat ako sa South Mountain, nakaupo kami ng aking maybahay do'n sa Phoenix, at ang sabi ko, "Hindi ba't kakila-kilabot 'yon?" Ang sabi niya, "Kakila-kilabot? Ano'ng ibig mong sabihin?" Ang sabi ko, "Ang kasalanan. At kung gaano karaming pangangalunya at pag-inom at pagmumura at paggamit sa Pangalan ng Panginoon nang walang kabuluhan ang ginagawa sa lambak na iyan, kung saan ay mayroong mga sandaan at apatnapung libo o limampung libong mga taong nakatira sa lambak na iyan?" At ang sabi ko, "Limang daang taon o isang libong taon na ang nakalilipas, puro cactus ang nandiyan, mga halaman, at ang mga cayote ay nagpaparoo't parito sa ilog na iyon, sa mga batis." At ang sabi ko, "Ganun 'yan ginawa ng Diyos, ngunit nagsidating ang mga tao; ano'ng ginawa nila? Pinuno niya ang lupa ng karumihan. Ang mga kalye ay puno ng basura; ang mga imburnal, ang mga ilog ay napakarumi na." Hindi nila magawang... Aba'y, makabubuting huwag kang uminom ng isang patak—ng kaunti man lamang ng tubig; kahit ano ay maaari mong makuha.

123 Tignan n'yo. Hindi lang dito, kundi sa buong mundo, napakarumi na nito, at ang buong mundo, ang kalikasan... Mahabag nawa ang Diyos. Ang buong mundo ay dumaranas ng kirot ng panganganak, ang mundo'y dumadaing, sabi ni Isaias. Ano ang problema? Siya'y nagluluwal ng isang bagong daigdig para sa milenyo kung saan lahat ng...?... nagsisilang ng isang bagong daigdig para sa bagong mga tao na hindi

magkakasala at sasalaula sa kaniya. Tama. Siya'y nananaghoy.

Iyan ang dahilan kaya tayo nananaghoy. Upang mailuwal ni Cristo ang Nobya... Ang lahat ay nananaghoy at dumadaing. Kita n'yo, mayroong napipintong mangyari. At ang ikaanim na salot na ito ang magpapakawala sa kaniya.

124 Kapatid, bibiyakin ng lindol ang lupa, ang mga butuin ay mauuga; magsasabugan ang mga bulkan, at ang mundo ay muling mababago. May mga sariwang lava na lalabas mula sa pusod ng mundo, at maghuhulas ang paligid nito sa kaniyang pag-ikot. At sinasabi ko sa inyo, isang umaga kapag si Jesus at ang Kaniyang Nobya ay bumalik na sa lupa, magkakaroon ng isang paraiso ng Diyos na... Ay, naku. Ang mga dating mandirigma ng pakikipagbaka ay lalakad doon kasama ang kanilang mga kaibigan at mahal sa buhay; pupunuin ng mga awitin ng mga Anghel ang hangin. "Oh, magaling, aking mabuti at tapat na lingkod, pumasok ka sa kagalakan ng Panginoon na inihanda para sa iyo tulad ng dapat sana'y tinaglay mo na noon pang bago gumulong ang bola sa kasalanan." Amen. Whew. Oo, may isang bagay na gagawin ang Ikaanim na Tatak. Opo. Tunay ngang ang buong mundo ay tumataghoy at dumadaing para sa panahon ng milenyo.

125 Ngayon, ang isang ito ngayon ay lubog na lubog na sa karumihan. Tulad ng ipinangaral ko rito di pa katagalan, sa aking paniwala, ipinangaral ko sa Tabernakulo, "Ang Sanlibutan ay Nawawasak..." Iyon nga ay eksakto. Tignan n'yo kung ano'ng nawawasak sa sanlibutan. Ang... Ang lahat ay nawawasak na. Tunay nga. Kailangan nitong magiba. Opo. Tignan n'yo ang balangkas nito. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang dahilan kung bakit kailangan itong magkagayon. Ang balangkas ng mundong ito: ang bakal at ang tanso at ang mga materyales ng mundong ito ay nahugot na mula rito, ang balangkas nito, para sa giyera at industriya hanggang sa handa na itong... Buweno, nitong nakaraang araw lang tayo nagkaroon ng lindol dito sa bahaging ito ng bansa, nito lang nakaraang araw (Kita n'yo?), sa St. Louis at sa bandang iyon. Numinipis na siya nang husto. Hinugot na nila ang lahat dito. Kita n'yo? Napakarumi na ng pulitika nito na halos wala nang isa mang tapat sa kalagitnaan nito. Kita n'yo? Ang mga sistema nito... Napakababa na ng moralidad nito, halos wala na sila nito. Iyon lang. Kita n'yo? Tunay nga. Ang relihiyon nito ay nabulok na. Opo.

126 Oras na para sa Ikaanim na Tatak, upang magbukas ito sa lalong madaling panahon, at kapag naganap iyon, ay naku. Ang wakas... Ang Nobya

ay nakaalis na. Natapos na Niyang... Ang Reyna ay nakaalis na upang kunin ang kaniyang lugar. Siya'y ikinakasal na ngayon sa Hari, habang ito ay nagaganap. At ang mga labi ng Israel ay tatatakan na at handa nang umalis, pagkatapos ay bibigay na ang kalikasan. Oh, napakatinding panahon.

127 Pansinin n'yo, ang huling latata ng Ikaanim na Tatak na nabuksan. Ang mga nagtawa sa pangangaral ng Salita, ng binindikang Salita ng buhay na Diyos... Samantalang tumayo ro'n ang mga propeta at gumawa ng mga himala, di pinasikat ang araw, at lahat na, sa buong panahong nagdaan... Kita n'yo? Hiniling nila sa mga bundok na ikubli sila (Kita n'yo?), upang ikubli sila sa Salitang pinagtawanan nila, sapagkat nakita nila ang Kaniyang pagdating. "Ikubli n'yo kami sa poot ng Cordero." Siya ang Salita. Kita n'yo? Pinagtawanan nila ang Salita, at narito ang Salita ay nagkatawang tao; at pinagkatuwaan nila Iyon, pinagtawanan ang mga iyon, pinagkatuwaan, at ang Salitang nagkatawang-tao ay nanaog. Bakit hindi sila nagsisi? Hindi nila magawa: masayado na silang nalayo nung pagkakataong iyon. At alam nila na ang kaparusahan... Narinig nila iyon. Umupo sila sa mga pagtitipong tulad nito at nalaman nila ang tungkol dito, at alam nila ang mga bagay na inihula ng mga propeta na nakaharap sa kanila.

128 Ang kanilang tinanggihan, ang kanilang winalang halaga ay ang awa sa huling pagkakataon. At kapag tinanggihan mo ang awa, walang nang natitira kundi paghatol. Kapag winalang halaga mo ang awa... Isipin n'yo lang ito. At naro'n sila. Wala silang lugar na mapuntahan, walang maatrasan. At ang sabi ng Biblia rito, "Nanawagan sila—hiniling nila sa mga bato at mga bundok na tabunan sila, at ikubli sila sa mukha ng—at sa poot ng Cordero." Sinubukan nilang magsisi, ngunit dumating na ang Cordero upang angkinin ang ganang Kaniya. Kita n'yo? At sila'y namanhik sa mga bato at sa mga bundok, dumalangin, ngunit ang mga panalangin nila ay nahuli na.

129 Kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, ang kabutihan at mga kahabagan ng Diyos ay iniabot sa mga tao... Samantalang ang Israel ay nabulag dito sa loob ng halos dalawang libong taon upang bigyan tayo ng pagkakataong magsisi... Tinanggihan n'yo ba ang awang iyon? Tinanggihan n'yo ba yaong... Sino ba naman kayo? Saan kayo nanggaling, at saan kayo pupunta? Hindi mo maaaring tanungin ang duktor. Hindi n'yo maaaring tanungin ang sinuman sa mundo, at walang aklat na maaari n'yong basahin na

makapagsasabi kung sino kayo, kung saan kayo nanggaling, at saan kayo pupunta kundi ang Aklat na ito.

130 Ngayon, nalalaman n'yo nang walang... Nasa inyo ang Dugo ng Cordero upang humalili sa inyo; nakikita n'yo kung saan kayo patungo. Kaya't kung ginawa iyon ng Diyos para sa inyo, ang pinakamaliit na magagawa n'yo ay ang tanggapin kung ano ang Kaniyang ginawa. Iyon lang ang hiniling Niyang gawin

natin. At base dito... Kung magpapakalawig pa ako, kakailanganin kong humantong sa salot, oh, iyon ay para sa gawain bukas ng gabi, at hindi ko na kaya, hindi na ako maaari pang magpakalawig pa. Ito'y minarkahan ko dito ng isang krus. Kita n'yo? Kaya't kailangan kong maghintay hanggang bukas.

131 Ngayon, magsiyuko tayo sandali. Kung di mo pa tinatanggap, mahal kong kaibigan, ang pag-ibig ng Diyos na ito, na aking sinasabi... Kung iyong... (Pakinggan n'yo ito nang maigi ngayon.) Kung hindi mo pa tinatanggap ang Kaniyang pag-ibig at awa, kakailanganin mong danasin ang Kaniyang paghuhukom at poot. Ngayon, kayo sa gabing ito ay nasa kaparehong lugar na kinaroonan nina Adan at Eba sa halamanan ng Eden. Mayroon kayong karapatan; kayo'y may kalayaang pumili. Maaari kayong magtungo sa Punong Kahoy ng Buhay, o maaari n'yong tanggapin ang plano ng paghuhukom. Ngunit sa araw na ito habang kayo ay matino pa, nasa tama n'yong pag-iisip, at kayo'y malusog upang tumayo at tanggapin ito, bakit di n'yo iyon gawin kung hindi n'yo pa nagagawa? Mayroon bang mga tao rito na hindi pa iyon nagagawa? Kung totoo iyon, maaari bang itaas n'yo ang inyong kamay, at kayo'y magsabi, "Ipanalangin mo ako, Brother Branham. Nais ko na iyong gawin ngayon. Ayaw ko itong dumating."

132 Ngayon, alalahanin n'yo mga kaibigan... (Pagpalain kayo ng Diyos. Iyan ay mabuti.) Aking... Hindi ganito ang mga ideya ko tungkol dito; hindi ito ang aking iniisip. Malayong malayo ito sa akin. Tulungan nawa ako, alam ito ng Espiritu Santo. At maghintay kayo, kung loloobin ng Panginoon, bukas ng gabi, nais kong magpakita sa inyo ng isang hiwaga na nagaganap sa buong panahon ng pagtitipong ito. Iniisip ko kung inyo itong nakita o hindi (Kita n'yo?), kung ano'ng nangyari. Ito'y isang bagay na nailagay dito sa inyong harapan, at gabi-gabi ay nag-abang ako na tayo ay—na ito ay lumitaw, o may magsabi, "Nakikita ko na iyon." Kita n'yo? Huwag n'yo itong tanggihan, pakiusap. Hinihiling ko sa inyo kung hindi kayo Cristiano, kung wala pa kayo sa ilalim

ng Dugo, kung hindi pa kayo naipanganganak na muli, napupuspos ng Espiritu Santo, kung hindi n'yo pa napapahayag si Cristo sa publiko sa pamamagitan ng pagpapabautismo sa Kaniyang Pangalan upang patotohanan ang Kaniyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na muli, na inyo na itong tinanggap, ang tubig ay nakahanda. Si Cristo ay nakahanda na may nakaunat na mga kamay upang tanggapin kayo.

133 Sa loob ng isang oras mula ngayon, maaaring ang awang ito ay hindi na ialok sa inyo. Maaari n'yo itong tanggihan sa huling pagkakataon, hindi na nito hihipuing muli ang inyong puso. Samantalang magagawa n'yo pa, bakit di n'yo gawin? Ngayon, habang... Alam kong ang karaniwang nakagawian natin ay ang dalhin ang mga tao sa altar. Ginagawa natin iyon, at walang problema ro'n. Sa pagkakataong ito masyado tayong masikip dito sa bandang altar, na iyon ay di ko magawa, ngunit nais ko itong sabihin: Nung panahon ng mga apostol, ang sabi nila, "Ang mga sumampalataya ay nabautismuhan." Kita n'yo? Kung inyong magagawa sa kaibuturan ng inyong puso...

134 Heto na nga ang lahat ng iyon. Hindi ito emosyon, bagama't ito'y kalakip nito. Tulad ng sinabi ko: Ang paninigarilyo at pag-inom ay hindi kasalanan; ito'y mga katangian ng kasalanan. Ipinapakita nito na hindi ka sumasampalataya. Kita n'yo? Ngunit kung totoong sumasampalataya ka sa iyong puso, at ito'y nalalaman mo, base sa pagtanggap mo rito nang buong puso mo sa iyong kinauupuan, mayroong mangyayari, diyan mismo. Maaari kang tumayo bilang saksi na mayroong nangyari.

135 Pagkatapos ay lumapit ka sa tubig at magsabi, "Nais kong ipakita sa kongregasyon; nais kong patunayan. Nais kong tumayo ang aking patotoo na nais kong mapabilang sa Nobya. Nakatayo ako rito upang magpabautismo." Alam kong maraming kababaihan sa mundo ngayong gabi, mabubuting kababaihan, ngunit may isa akong labis na pinananabikang makita. Isa sa kanila ay asawa ko. Siya ay kasama kong umuuwi. Nung una ay hindi ko siya asawa, ngunit papaano ko siya naging asawa, kinuha niya ang aking pangalan. Siya'y darating. Maraming mga kababaihan, mga iglesia, sa mundo, ngunit Siya'y darating para sa Kaniyang asawang babae. Siya'y tinatawag sa Kaniyang Pangalan. Ang mga na kay Cristo ay isasama Niya sa Kaniyang pagdating. Papaano tayo napapasakaniya? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan."

136 Ngayon, habang nananalangin tayo, manalangin din kayo—sa loob man o sa labas. Napakaraming grupo ng mga tao sa mga silid, nakatayo sa

labas, doon sa mga kalsada sa labas, ngunit ngayon habang kayo ay... Hindi namin magawang palapitin kayo dito sa altar, ngunit ang puso n'yo ang gawin n'yong altar. At sa inyong puso ay sabihin n'yo, "Panginoong Jesus, sinasampalatayanan ko ito. Tumayo ako dito sa labas na tinatamaan ng hangin ng gabing ito. Ako ay nasiksik dito sa maliit na silid na ito, nakaupo ako sa kalagitnaan ng mga taong ito. Ayaw kong maging... Hindi ko ito maaaring mapalampas; hindi ko ito mapapahintulutan." Ang lahat ng bagay, tulad ng sinabi ko sa inyo kagabi... Kaya't tulungan nawa ako, alam ng Panginoon na nagsasabi ako ng Katotohanan. "Hindi ako nagsisinungaling," tulad ng sabi ni Pablo. Ang pangitaing iyon o anuman iyon, tumayo ako ro'n, nakita ko at nahawakan ang mga taong iyon na yumao na. Singtotoo iyon ng pagkakatayo ko rito. Huwag n'yong palampasin iyon, aba kong kapatid na lalaki at babae; huwag. Alam kong nakarinig na kayo ng pangangaral; narinig n'yo na ang ganito, ganu'n, at ang mga kuwento, lahat ng iyon, ngunit hayaan n'yong... makinig lang kayo sa akin. Ito ay... Alam kong ito ang Katotohanan. Kita

n'yo? Inyo lamang... Hindi ko na ito maaaring mas mapalinaw pa. Kita n'yo? Huwag na hindi n'yo ito makuha. Sa inyo itong lubusan. Ngayon, manalangin tayo.

137 Panginoong Jesus, nasa harapan ko ang isang kahon ng mga panyo na kumakatawan sa mga taong may sakit. At habang ipinapanalangin ko ang mga ito, pinapatungan ng kamay, tulad ng sabi ng Biblia, "Kumuha sila ng mga panyo at mga tapi na naidaiti sa katawan ni Pablo; nagsilabas ang mga maruruming espiritu sa mga tao," at may mga dakilang tandang naisagawa sapagkat nakita nila si Pablo, nalaman nilang ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa kaniya. Alam nilang siya ay isang kakatwang tao, na ang mga bagay na sinabi niya tungkol sa Salita... Kinukuha niya ang lumang Salitang Hebreo ng iglesiang Hebreo, at binubuhay niya ito, at inilalagay kay Cristo. Alam nilang ang Diyos ay nasa lalaking iyon. At nakita nilang gumagawa ang Diyos ng mga kakatwa at makapangyarihang mga gawa sa pamamagitan niya, naghahayag ng mga bagay bago pa mangyari, at natutupad ito sa ganung paraan, at alam nilang lingkod siya ng Diyos.

138 Panginoon, idinadalangin ko na parangalan Mo po ang mga taong ito dahil sa kanilang respeto sa Salita, at pagalingin Mo po sila alang-alang kay Jesus. Dito sa mga nakikinig, Panginoon, may mga taong nakaupo tulad ng mga nakinig kay apostol Pedro nung araw ng Pentecostes, ganun na lang siya bumalik sa Salita, at kinuha niya ang Salita, at sinabi niya, "Sinabi ni Joel na sa mga huling araw ay magaganap ang mga bagay na ito, at ito iyon." At sinampalatayanan iyon ng tatlong libo at sila'y nagpabautismo.

At, Ama, sa araw na ito ay nakatayo kami rito sa pamamagitan ng Iyong biyaya, at hindi ito dahil sa mga espesyal na mga tao sila, kundi dahil sa... Tulad ng panahon ng Leon, o ng Baka, o ng Tao, panahon ito ngayon ng Agila. Ito ang pahid ng kapanahunan; ito ang panahon na aming kinabubuhayan. Pagkilos ito ng Espiritu Santo para sa partikular na panahong ito upang patunayang si Jesus ay hindi patay—ang mga bagay na sinabi Niyang gagawin Niya bago magdilim ang mga panggabing liwanag...

139 At narito nakikita naming ginagawa Niya iyon sa buong paglalakbay. Nakita naming pumanaog ito sa pagsasaliksik ng siyensiya at nakunan pa ng litrato, ang dakilang Haliging Apoy, na gumabay sa mga Anak ni Israel, na sumlubong kay Pablo sa daan. At nalalaman naming iyon din ang Haliging Apoy na nanguna kay Moises sa ilang, sa pamamagitan rin ng Haliging Apoy na iyon sumulat siya ng ilang aklat ng Biblia, sapagkat siya ay pinahiran ng Salita. Ang Haliging Apoy ding ito ang lumukob kay Pablo sa daang patungo sa Damasco, sumulat siya ng maraming mga aklat ng Biblia, na tinawag na Salita ng Diyos. At ngayon, Panginoon, ang Haliging Apoy ding iyon sa pamamagitan ng ebidensya ng katibayan ng Salita at sa pamamagitan ng siyentipikong pagsasaliksik, nakikita namin dito na inihahayag Nito ang Salita ng Panginoon.

140 Diyos, hayaan Mo pong magising nang mabilis, Panginoon, ang mga tao. Yaong ang mga pangalan ay nakalagay sa Aklat ng Buhay, kapag ito ay sumilay sa kanilang daan, makita nawa nila, tulad ng babaeng masama ang reputasyon na nasa balon nung araw na iyon. Napagkilala niya nang mabilis, at alam niyang iyon ang Kasulatan. At ngayon, Ama, idinadalangin ko na lahat ng tatanggap sa Iyo sa oras na ito ay magpasiya sa kanilang mga puso na tapos na sila sa kasalanan, at sila'y tumayo at maghanda na ngayon para sa paghahayag nito sa publiko sa bautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan, upang ipakitang naniniwala silang sila'y pinatawad na ng Diyos, at kanilang ibibihis ang Pangalan ni Jesus Cristo.

141 At, Ama, ibuhos Mo po ang Langis ng Espiritu Santo sa kanila, upang sila ay mailagay sa serbisyo ng Panginoong Diyos, upang sila'y maging mga manggagawa sa huling panahong ito na masama. Sapagkat napagtatanto naming maiksi na ang aming panahon, at ang Iglesia ay maaaring umalis anumang oras. Ang Cordero anumang oras ay maaari nang umalis doon sa sangtuwaryo—o sa dambana ng hain, lumabas mula sa trono ng Diyos kung

saan nakalapag ang hain, at kung magkagayon ay tapos na. Wala nang pag-asa para sa sanlibutan; tapos na siya. At papasok na siya sa kalituhan ng mga dakilang pagkukumbulsyon ng mga lindol at mga dakilang pagyanig tulad ng naganap nung pagkabuhay na muli. At tulad ng pagbangon ni Cristo sa libingan, nang magbangon ang mga banal, ganun din ang mangyayari. Panginoon, maaari itong maganap anumang sandali. Nagmamanman kami sa pagdating ng araw na iyon. Kipkipin Mo po kami sa Iyong bisig, Ama, ngayon. Ilapit Mo po sa Iyong sinapupunan ang munti Mong mga Cordero. Itulot Mo po ito, at hayaan Mo pong manginain sila sa Salita hanggang sa lumakas sila para sa paglilingkod.

142 Ipinagkakatiwala namin sila sa Iyo ngayon, Panginoon. Lahat... Tugunin Mo po ang panalanging ito. Ang sabi Mo, Ama, sa Marcos 11, "Kapag mananalangin kayo, tumayo kayo na nananananalangin, sampalatayanan n'yong matatanggap n'yo ang inyong hiniling (Panginoon), at inyo itong tatanggapin." At sa Kaniya na naghahayag ng mga bagay na ito sa mga nagdaang taon at ng mga Tatak na ito nitong nakaraang lingo, buong puso Kitang sinasamapalatayanan, Panginoonng Diyos, na ito na nga ang oras, malapit na, mas malapit na kaysa sa iniisip naming pagdating Mo. Isinasamo kong tugunin Mo ang aking panalangin. At nawa bawat tinawag na anak ng Diyos na nakaririnig, o kaya'y maaabot ng mga tape, ay maangkin ko para sa Kaharian ng Diyos sa panahong iyon, base sa pagkakaalam na ito ang Salitang

nahayag. Hayaan Mo pong magningning ang panggabing Liwanag, Ama. Ipinagtitiwala ko po sila sa Iyo sa Ngalan ni Jesus. Amen.

143 Ngayon, lahat ng nasa loob at nasa labas na sumasampalataya at hindi pa nagpapahahayag sa publiko na kayo ay tapos na sa kasalanan, at nais n'yo ng mga kahabagan ng Diyos at inyong tinanggap ang mga ito kay Jesus Cristo, ang bautismuhan ay... Magiging handa sila na bautismuhan ang sinuman na magnanais na mabautismuhan sa araw na ito, o bukas, ngayon din, o kung kalian man. 399 Nasisiyahan ba kayo sa Ikaanim na Tatak? Nakikita n'yo na ba kung saan ito nagbuka s? Pinaniwalaan n'yo ba? Ang sabi, "Sino ang sumampalataya sa aming ulat, at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" Kita n'yo? Paniwalaan n'yo ang ulat, kung gayo'y mahahayag ang bisig ng Panginoon, ang Bisig, ang Salita ng Diyos ay mahahayag.

144 Kung loloobin ng Panginoon, bukas ng umaga, gagawin ko lahat ng magagawa ko upang masagot ang mga katanungang iyon. Gugugulin ko marahil ang nalalabing bahagi ng gabing ito, o ang malaking bahagi nito, sa

pananalangin sa mga iyon. Ang itinutulog ko sa gabi ay mga isa o tatlong oras lang; mag-aala una na ng makatulog ako kagabi, at nag-aaral na ako nang magalas tres. Kita n'yo? Kita n'yo, kakailanganin ko itong panagutan. Tama. Masyado na tayong malapit sa pagdating ng Panginoon para sa anumang kahangalan, o anumang pagbabaka-sakali, o hilaw na paniniwala. Kailangan ko muna itong makita. At kapag nakita ko na ito, kailangan ay nasa sa Salita rin ito. At hanggang sa mga sandaling ito naman, sa biyaya ng Diyos, ang mga ito ay ganap na... Idinaan ko ito sa kabuuan ng Biblia; alam n'yo 'yan; ito'y sadyang naglakip-lakip. Dapat itong magkagayon, ITO ANG SABI NG PANGINOON, sapagkat hindi lang ito ipinahahayag ayon sa nalalaman ko, kundi ang Salita ng Diyos ay ITO ANG SABI NG PANGINOON. At narito ang Salita na kumukuha sa kung anong ibinigay Niya sa akin at pinaglalakip-lakip Niya at ipinakikita sa inyo, upang kayo mismo ay makaalam na ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON.

145 Iyan ang sinasabi rito ng Salita, at ang kapahayagan na ibinibigay Niya sa akin, na salungat sa anumang inisip natin... Aba'y, salungat iyon sa inisip natin, sapagkat hindi ko iyon sinaliksik nang ganu'n. Ngunit ngayon, makikita natin na ito'y naglalakip-lakip, at ano nga ba ito? Ito'y ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo, eksakto. Isa iyong dakong nabuksan, na pinanatili hanggang sa oras na ito, at pagkatapos ay dumating ang Panginoon at inihugpong ito nang ganiyan. Kaya't nakikita n'yo na, hayan na. Ang Panginoon ito. Oh, mahal ko Siya. Mahal ko Siya nang buong puso ko. Ngayon, alalahanin n'yo, hindi natin magawang pumunta sa altar. May ilang nagtaas ng kanilang mga kamay. Ngayon, kita n'yo, isa itong indibiduwal na ugnayan sa inyo. Anuman ang nais n'yong gawin. Kita n'yo? Napakalapit na ng oras, dapat kayong magtumulin sa abot ng inyong makakaya, hindi na kailangang hatakin (Kita n'yo?), kundi sadyang nagtutumulin, nagsisikap na makapasok. "Panginoon, huwag Mo po akong hayaan sa labas. Huwag Mo po akong iwan sa labas, Panginoon. Ang mga pintuan ay nagsasara na. Kung magagawa ko lang na makapasok..."

146 Isasara ng Diyos ang pintuan isang araw. Ginawa Niya iyon nung panahon ni Noe, at sila'y nagsikatok sa pintuan. Tama ba? Ngayon, alalahanin n'yo, sinabi ng Biblia na sa ikapitong pagbabantay... Tama ba? Ang ilan ay nangatulog sa unang pagbabantay, sa ikalawa, sa ikatlo, sa ikaapat, sa ikalima, sa ikaanim, sa ikapito; ngunit sa ikapitong pagbabantay may dumating na proklamasyon o sigaw: "Ang Kasintahang Lalaki ay dumarating; magsilabas kayo upang Siya ay salubungin."

Ang sabi ng natutulog na dalaga, "Ano'ng masasabi mo, nais ko na ngayong magkaroon ng kaunting langis na iyan." Ang sabi ng Nobya, "Sapat lang para sa akin ang taglay ko. Kung gusto mo, manalangin ka nang husto para do'n." Hindi n'yo ba nakikita ang mga natutulog na dalaga ngayon? Tignan n'yo ang mga Episcopalian, at Presbyterian, at lahat na nagsisikap na... At ang problema, sa halip na magsikap na makuha ang Espiritu Santo, sinusubukan nilang magsalita ng iba't ibang wika. At marami sa kanila ang nagsasalita ng iba't ibang wika pagkatapos ay nahihiyang pumarito sa simbahang ito upang maipanalangin—gusto nilang puntahan ko sila sa kanilang mga bahay upang sila'y maipanalangin. Tinatawag n'yo iyong Espiritu Santo? Iyon ay pagsasalita ng iba't ibang wika nang walang Espiritu Santo.

147 Ngayon, naniniwala akong ang Espiritu Santo ay nagsasalita ng iba't ibang wika. Alam n'yong naniniwala ako riyan (Kita n'yo?), ngunit mayroon ding huwad niyon. Opo. Ang mga bunga ng Espiritu ang nagpapatunay kung ano iyon. Ang mga bunga ng punong kahoy ang nagpapatunay kung ano itong uri ng punong kahoy, hindi ang balat nito, ang bunga. Ngayon, pansinin n'yo. At pagdating niya, sa huling panahong iyon, doon sila magsisipasok, humayo sila at nagsipagsabi, "Buweno, sa paniwala ko ay nasa akin na iyon. Sa paniwala ko'y nasa akin na iyon. Siyanga, makukuha natin 'yon."

148 Mabuti pang huwag ko nang sabihin ito (Kita n'yo?), baka maging gahilan pa ng kalituhan. Nang sabihin ko nung isang araw, kung papaano maaaring dumating ang pag-agaw... Ngayon, ngayon, kung sasabihin mo— sasama ka, sige. Masdan n'yo—masdan n'yo. Sige, nasa sa inyo 'yan. Nang magbalik ang natutulog na dalaga (Kita n'yo?), na siya'y nakapanalangin na nang lubos, nakaalis na ang Nobya. Naganap iyon nang hindi niya nalalaman, tulad sa isang magnanakaw sa gabi. At sinimulan nilang

kalampagin ang pintuan, at ano'ng nangyari? Ano'ng nangyari? Sila ay ibinulid sa panahon ng kapighatian. Ang sabi ng Biblia, "Magkakaroon ng pag-iyak at pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin." Tama ba?

149 Kailan ito magaganap, mga kapatid? Hindi ko alam. Ngunit ako'y... Maaaring ako lang ito, ngayon. Kita n'yo? Ito ang... Ito ang kaisipan ko. Kita n'yo? Sa paniwala ko'y napakalapit na nito, na ako'y... Bawat araw ay nais kong... Basta't sinisikap kong lumakad nang sing-ingat ng aking magagawa. Kita n'yo? At ako'y... Gawin n'yo... Alam n'yo, kapag... Mayroong nangyari ngayong araw, at may nakita akong lumitaw. Ako'y

sadyang... Hindi na ako makahinga. Kita n'yo? Hayun Siya nakatayo ro'n, ang munting Liwanag na iyon ay naroroon, at heto iyon. Alam kong ito ang Katotohanan. Naisip ko, "Diyos, hindi ko kayang sabihin iyon. Hindi ko iyon kayang sabihin. Hindi ko kaya." Lumabas na lang ako ng silid, lumabas ako, nagpalakad-lakad ako ro'n. Naisip ko, "Naku, ano ang maaari kong gawin?" oh... Kita n'yo? At kailangan kong mangisda o anuman at ako'y... Naku, kayo—kayo'y... Hindi ko maaaring sabihin sa inyo.

150 Buweno, nagsasaya tayo, hindi ba? Purihin ang Panginoon. Amen. Kita n'yo? Tayo'y nasa isang napakadakilang panahon (Kita n'yo?), sapagkat ang puso ko'y inaapawan ng kaligayahan at kagalakan. Ngunit kapag naiisip ko ang sanlibutan at ang libo-libong alam kong naliligaw, nalulukuban ng maitim na anino (Siya nga.), ang puso mo ay nagdurugo. Ano'ng maaari mong gawin? Ano ang maaari mong... Sadyang nadarama mo ang Espiritu Santo na umiiyak sa iyong puso. Tulad ng malamang na naganap sa ating Panginoon nang tignan Niya ang Jerusalem, ang Kaniyang sariling bayan (Kita n'yo?), aniya, "Jerusalem, Jerusalem, makailang ulit na inibig kong tipunin kayo tulad ng pagtitipon ng isang inahing manok sa kaniyang sariling mga sisiw, ngunit ayaw ninyo."

151 Napakalapit na natin sa isang bagay, mga kaibigan. Anuman iyon, ang Diyos ang nakaaalam. Walang sinuman, walang sinumang nakaaalam kung kailan ito magaganap. Iyon ay isang lihim. Walang nakaaalam kung kailan ito magaganap, ngunit sinabi sa atin ni Jesus, "Kapag nakita n'yo ang mga bagay na ito..." (lahat ng mga bagay na ito). Tulad nang ikumpara ko ang Ikaanim na Tatak sa sinabi Niya sa Mateo 24. Ngayon, alalahanin n'yo kung ano ang sinabi Niya. "Kapag nakita n'yong nagpasimulang maganap ang mga bagay na ito, kung magkagayo'y nalalapit na ang panahon." Masdan n'yo ang kasunod na kasunod na talata—ang ika-30—ika-30 at ika-31 mga talata sa pagpapatuloy nito, ika-32, ika-33 mga talata. Ang sabi Niya, "At Kaniyang isusugo ang Kaniyang mga Anghel sa apat na sulok ng kalangitan, sa apat na hangin, upang tipunin ang Kaniyang mga hinirang." Tama ba 'yon? Ang sabi, "Ngayon, pag-aralan n'yo..."

152 Ngayon, tandaan n'yo, huminto Siya ro'n. Hindi Siya nagpatuloy pagkatapos ng Ikaanim na Tatak. Wala Siyang sinabing anuman tungkol sa Ikapito. Sinabi Niya ang Una, Ikalawa, Ikatlo, Ikaapat, Ikalima, at Ikaanim, ngunit huminto Siya ro'n—hindi siya nagbanggit ng anumang tungkol sa...

Masdan n'yo ang sumunod na sinabi Niya, "Ngayon, pag-aralan n'yo ang isang parabola." Kita n'yo? Ang sabi Niya, "Ang mga bagay na ito ay magaganap." Sinasagot Niya ang tatlong mga katanungang iyon: "Ano ang magiging—mga tanda, at ano ang magiging tanda ng Iyong pagdating, ano ang magiging tanda ng katapusan ng sanlibutan?" At ang ikaanim do'n ay ang katapusan ng sanlibutan. At ang pagtunog ng ikapitong Anghel ang nagpataas ng mga kamay at sumumpa sa pamamagitan Niya na nabubuhay magpakailankailan man na hindi na magluluwat ang panahon.

153 Ang mundo ay magsisilang ng isang bago. Tapos na, at narito na tayo sa pinakapintuan. Oh, ako ay nanginginig. At ano ang dapat kong gawin, Panginoon? Ano pa ba ang aking magagawa? Kita n'yo? At, isipin n'yo na lang, ang makita ang dakong iyon at ang mga mahal na taong iyon. Tumayo ako ro'n na nakatingin sa aking sarili, at naisip ko, "Oh, Diyos, ano'ng... Hindi puwedeng di nila ito makuha. Dapat ko silang itulak; dapat kong abutin ang mga tagapakinig at kunin sila at itulak sila." Hindi mo maaaring gawin iyon. Ikaw ay... "At walang sinumang makalalapit malibang ilapit siya ng Ama." Ngunit narito ang isang konsolasyon na mayroon tayo: "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit." Hayun ang...?..., kaibigan. Ngunit ang nalalabi sa kanila na umaasa sa mga organisasyong iyon nang gayon... Kita n'yo? At "Dinaya Niya ang lahat ng nabuhay—ng nananahan sa ibabaw ng lupa na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, na pinaslang mula pa nang itatag ang sanlibutan."

154 Kaya't makikita n'yo, ito'y isang malungkot na bagay, ang tanging magagawa mo ay ang manatili sa Salita, abangan anuman ang sabihin Niyang gawin mo at gawin mo iyon. Kita n'yo? Anumang sabihin Niyang gawin mo, gawin mo iyon, at pagtingin mo sa labas ay sasabihin mo, "Ay, naku." Ginagawa nila ang ganito at pagkatapos... Oh, ito'y sadyang... Hindi n'yo nauunawaan kung gaano kahirap ito. Ngayon, nais kong sabihin to; sa palagay ko'y pinatay na nila ang mga tape. Maraming mga tao ang nagsasabi, "Brother Branham, sa ministeryong tulad niyan..." Kinakailangan kong magmatiyag, sapagkat basta lang kinukuha ng mga tao ang mga tape na iyon at pinagpuputol-putol, alam n'yo na. Kaya't kapag sinabi nila, "Brother Branham, sana ay mayroon kaming isang ministeryong..." Hindi n'yo nalalaman kung ano'ng sinasabi n'yo. Kayo'y... Talaga, hindi n'yo alam kung ano'ng kalakip nito, mga kapatid. Ay, naku, at ang responsibilidad, kapag mayroong mga taong nanghahawakan sa iyong sinasabi...

155 Tandaan n'yo, kapag sinabihan n'yo sila ng mali, sisingilin ng Diyos ang kanilang dugo sa inyong mga

kamay. At isipin n'yo iyon. Napakatinding bagay nito; kaya't maging kaibig-ibig kayo. Mahalin n'yo si Jesus nang buong puso n'yo. Basta't...?... Maging simple kayo. Huwag na huwag n'yong subukang intindihin ang anumang bagay; basta't maging simple lang kayo sa harapan ng Diyos, sapagkat habang lalo n'yong sinsisikap na intindihin ito, lalo kayong nalalayo sa Kaniya. Kita n'yo? Bata't sampalatayanan n'yo lang Siya. Sabihin n'yo, "Ngayon, buweno, kailan Siya darating? Kung darating Siya ngayong araw, mabuti. Kung darating Siya pagkatapos ng dalawampung taon, mabuti pa rin. Ako ay magpapatuloy lang sa direksyon ko ngayon— sumusunod sa Kaniya. Panginoon, kung magagamit Mo ako kahit saan, narito ako, Panginoon. Kung ito'y pagkatapos pa ng sandaang taon, kung ang mga kaapu-apuhan ko ay mabubuhay pa upang makita ang Kaniyang pagdating, Panginoon, hindi ko alam kung kailan iyon magaganap, ngunit hayaan mong lumakad lang ako sa araw na ito na kasama Mo. (Kita n'yo?) Nais kong... Sapagkat magbabangon ako sa araw na iyon na para lang akong umidlip kung saan."

156 Pagpunta ko ro'n, sa maluwalhating palasyong iyon, sa Kahariang iyon ng Diyos, kung saan ang lahat ng matatanda ay magiging mga bata, kung saan nakabihis na ang mga puting balabal sa kanila, ang mga kababaihan at kalalakihan ay nabago na sa kanilang kagandahan, ang pinakalarawan ng isang magandang lalaki at kaibig-ibig na babae, na nakatayo ro'n sa buong kagandahan at tindig ng isang dalaga at binata na nakatayo ro'n at hindi na maaari pang tumanda, hindi na maaaring maging makasalanan, wala nang pagseselosan, o kamumuhian, o anumang... Ay, naku.

157 Sa palagay ko'y nakapatay na ang mga tape ngayon, at mayroon na lang akong mga tatlo o apat na minuto na nais ko kayong makausap. Ayos lang ba 'yon. Ngayon, ito ay personal lamang. Kita n'yo? Dahil bukas, magiging napakatindi, sa wari ko'y mabuti pang sabihin ko na ngayon (Kita n'yo?), ang sasabihin ko. Ako'y... Ito ay para lang sa atin ngayon. Ako lang ay... Alam n'yo mayroon akong maybahay na mahal ko, at iyon ay si Meda. At hindi ko sana siya pakakasalan dahil sa pagmamahal ko sa una kong asawa. At ganunpaman kahit na mahal na mahal ko siya, hindi ko sana siya pakakasalan kung hindi sinabi sa akin ng Diyos na gawin ko iyon. At alam n'yo ang kuwento niyon, kung papaanong siya ay nanalangin, at ganun din ako, at sinabi Niya sa akin kung ano'ng dapat kong gawin, na siya

ay pakasalan ko, at itinakda Niya ang panahon upang ganapin iyon. Siya'y isang kaibig-ibig na babae, at siya'y nananalangin para sa akin ngayong gabi. At ngayon ay alas otso na sa bahay; marahil ay nananalangin na siya ngayon.

158 Ngayon, pansinin n'yo. Isang araw ay sinabi niya sa akin; aniya, "Bill," sabi niya, "nais lang kitang tanungin tungkol sa langit." Ang sabi ko, "Sige, Meda, ano 'yon?" Ang sabi niya, "Alam mong mahal kita." Ang sabi ko, "Oo." Iyon ay pagkatapos na pagkatapos na maganap ito dito. Ang sabi niya, "Alam mong minahal ka rin ni Hope." At ang sabi ko, "Oo." At dagdag pa niya, "Ngayon," aniya, "palagay ko'y hindi ako magseselos," ang sabi niya, "ngunit si Hope ay magseselos." At sabi niya, "Ngayon, pagdating natin sa langit... At ang sabi mo nakita mo siya ro'n." Ang sabi ko, "Naroon siya; nakita ko siya. Dalawang beses ko siyang nakita ro'n. Siya'y naroon; hinihintay niya akong dumating; ganu'n din si Sharon. Nakita ko siya kung papaano kitang tinitignan ngayon. Nakita ko siya ro'n." Ang sabi ko... Ang sabi niya, "Buweno, ngayon, pagdating natin do'n," aniya, "sino ang magiging asawa mo?" Ang sabi ko, "Pareho kayo. Hindi na magkakaroon ng asawa ro'n (Kita n'yo?), subalit pareho kayong magiging asawa ko." Ang sabi niya, "Hindi ko iyon maintindihan." At ang sabi ko, "Ngayon, mahal, maupo ka, hayaan mong ipaliwanag ko sa iyo ang isang bagay." Ang sabi ko, "Ngayon, alam kong mahal mo ako, at alam mo kung gaano kita kamahal, ginagalang at pinararangalan. Ngayon, halimbawa, ano kaya kung ako'y magbihis nang magara, at nagpunta ako sa bayan at may isang babaeng bayaran, na napakaganda, na lumapit at yumakap sa akin at nagsabi, "Oh, Brother Branham, mahal kitang tunay." Nagsimula na siyang yumakap sa akin at yumapos sa akin. Ano'ng iisipin mo? At sabi niya, "Palagay ko'y di ko iyon masyadong magugustuhan." At ang sabi ko, "Nais kitang tanungin ng isang bagay. Iyo bang... Sino ang mas mahal mo, kung pagtatapatin: ako o ang Panginoong Jesus? (Ngayon, usapang magkakapamilya lang ito)

At ang sabi niya, "Ang Panginoong Jesus." Aniya, "Oo, Bill, bagama't mahal na mahal kita, ngunit bago ko Siya isuko, ikaw muna ang isusuko ko." Ang sabi ko, "Salamat, mahal. Nagagalak akong marinig kang sinasabi mo 'yan." Ang sabi ko, "Ngayon, ano kaya kung ang babae ring iyon ay lumapit kay Jesus at pagkatapos ay yakapin Siya, at magsabi, 'Jesus, mahal Kita'; ano'ng iisipin mo tungkol do'n?" Ang sabi niya, "Masisiyahan ako ro'n." Kita n'yo, magbabago iyon mula sa phileo patungo sa agapao. Kita n'yo? Iyon ay isang mas mataas na pag-ibig. Kita n'yo? At wala nang asawang lalaki at babae ro'n upang magpalaki ng mga anak; wala nang lubusan 'yon.

159 Ang—ang kasariang babae at lalaki, ang mga glandula ay lubusan nang... Pare-pareho na ang lahat do'n. Kita n'yo? Wala nang ganun. Kita n'yo? Wala nang glandulang seksuwal, wala na talaga. Kita n'yo? Kayo'y sadyang... Isipin n'yo na lang ang inyong sarili na walang glandulang seksuwal. Kaya inilagay ang mga iyon sa atin ay upang kalatan natin ang lupa. Nakikita n'yo ba? Ngunit doon, di magkakaroon ng ganun do'n. Hindi magkakaroon ng lalaki man o babaeng glandula; wala na 'yon. Ngunit ang bantayog ng sining ng Diyos ay maparoroon. Tama nga. Ngunit magiging tunay tayong totoo, walang phileo, puro agape na lang. Kita n'yo? Samakatuwid, ang isang asawang babae ay magiging katulad na lang ng isang bagay na kaibig-ibig na pag-aari mo at siya—at kayo ay sa isa't isa. Walang nang asawang lalaki... Wala

na, wala na, wala na ngang... Kita n'yo, ang bahaging phileo ay ni wala na ro'n. Kita n'yo, hindi maaaring magkaroon doon ng anumang bagay tulad ng pagseselos. Walang dapat pagselosan. Walang ganun do'n. Wala kayong malalamang anumang bagay na tulad niyon (Kita n'yo?), at kayo'y magiging mga kaibig-ibig na mga binata't dalaga lamang upang mabuhay. At pagkatapos no'n, ang sabi niya, "Nakikita ko na, Bill." Ang sabi ko, "Oo."

160 Nais kong sabihin sa inyo ang isang munting bagay na naganap. Isa itong panaginip. Natutulog ako. At ngayon, hindi ko pa ito sinabi sa publiko dati. Sinabi ko ito sa dalawang tao ngunit hindi pa kailan man sa publiko sa abot ng aking nalalaman. Nanaginip ako mga isang buwan pagkatapos niyon na nakatayo ako isang araw, at minamatiyagan ko ang dakilang panahon na... Hindi ang

paghuhukom ha. Hindi ako naniniwala na ang iglesia ay darating sa—ang ibig kong sabihin ay ang Nobya ay magpupunta sa paghuhukom. Ngunit naroon ako nung nagbibigayan ng mga korona. Kita n'yo? At naihanda na ang napakalaking trono doon sa itaas, at si Jesus pati na ang tagatalang Anghel at iba pa ay nakatayo na ro'n. At mayroon doong hagdanang pababa na paganito na yari sa puting ivory (bumaba ito nang paikot at gumawa nang isang tanawing tulad nito at tumuloy sa labas), kaya't nakikita ng buong karamihang nakatayo ro'n kung ano ang nangyayari.

161 At nakatayo ako doon sa isang tabi. At nakatayo lang ako ro'n, wala sa hinagap kong lalakaran ko ang hagdanang iyon. Nakatayo ako ro'n, at nakikita ang tagatalang Anghel na tumatawag ng pangalan, at alam ko— nakilala ko ang pangalang iyon. Lumingon ako at doon sa malayo, at heto't lumalakad nang papalapit ang kapatid na lalaki, o ang kapatid na babae, papalapit siya nang ganiyan, ang tagatalang Anghel ay nakatayo sa tabi ni Cristo (isang panaginip lang ito ha), at nagmamatiyag, at ang kanilang mga pangalan ay naroroon. Nakita iyon sa Aklat ng Buhay; titignan Niya sila at magsasabi, "Magaling, mabuti at tapat kong lingkod. Ngayon ay pumasok na kayo." Nilingon ko ang kanilang pupuntahan, mayroon doong isang bagong daigdig at napakasaya. At ang sabi Niya, "Pumasok kayo sa mga kagalakan ng Panginoon na dati nang sa inyo mula nang itatag ang sanlibutan."

162 At oh, naisip ko, "Pumupunta sila ro'n at nagkikita-kita at sadyang nagsasaya at tumatawid ng mga bundok at malalaking lugar." Naisip ko, "Oh, hindi ba't kamangha-mangha 'yon. Luwalhati. Aleluia," naglululundag sila. At makaririnig na naman ako ng ibang pangalan na tatawagin, at sinasabi ko, "Oh, kilala ko siya. Kilala ko siya. Ako'y—ako'y... Hayun—hayun siya. Hayun... Minamasdan ko siya..." "Pumasok ka sa mga kagalakan ng Panginoon, aking mabuti at..." "Oh," ang sabi ko, "purihin ang Diyos. Purihin ang Diyos." Isipin n'yo na lang, tulad ng sasabihin nila, "Orman Neville." Kita n'yo? At pagkatapos, sasabihin ko, "si Brother Neville 'yon; hayun siya," at heto't lalabas siya mula sa karamihan, at aakyat. Naririnig ko Siya na nagsasabi, "Pumasok ka sa mga kagalakan ng Panginoon na inihanda para sa iyo mula pa nang itatag ang sanlibutan. Pumasok ka." At si Brother Neville ay sadyang nabago na at hahayo siya't magsisisigaw at maghihihiyaw. Naku, sadyang sumisigaw ako at nagsasabi, "Luwalhati sa Diyos." Nakatayo akong

mag-isa at nasisiyahan nang husto sa panonood ng pagpasok ng aking mga kapatid. At may tagatalang Anghel na tumayo at nagsabi, "William Branham." Hindi ko inisip na kakailanganin kong lakaran 'yon. Kaya't natakot ako. Naisip ko, "Ay, naku, kakailanganin ko bang gawin 'yon?" kaya't bumaba ako ro'n at bawat isa'y tumatapik sa akin nang ganiyan, "Hi, Brother Branham." "Pagpaalin ka ng Diyos, Brother Branham," tinatapik ako habang dumadaan ako sa napakaraming mga tao. At inaabot nila akong lahat at tinatapik ako nang ganiyan. "Pagpalain ka ng Diyos, brother." "Pagpalain ka ng Diyos, brother."

163 Humahayo ako; ang sabi ko, "Salamat, salamat, salamat," na parang papalabas ka mula sa isang pagtitipon; alam n'yo na, at kakailanganin kong lakaran ang napakalaking hagdanang ito na yari sa ivory. Nagsimula akong umakyat do'n at paghakbang ko sa unang baiting, huminto ako, at naisip ko... Tinignan ko ang Kaniyang mukha, at naisip ko, "Nais kong makita Siyang maigi sa bandang ito," at ako ay huminto. At nakaganito ang aking mga kamay; may naramdaman akong umabresiyete sa akin. Bisig iyon ng ibang tao. Lumingon ako, at naroon si Hope, ang malalakit at maiitim na mga matang iyon, at ang maitim na buhok na iyon na nakalalugay sa kaniyang likuran, nakasuot siya ng puting damit, nakatingin sa akin nang ganiyan.

164 Ang sabi ko, "Hope." Naramdaman kong may dumampi sa bisig kong ito, lumingon ako at naroon naman si Meda, ang maitim na mga matang iyon na nakatingin sa akin, at ang nakalugay na maitim na buhok na iyon, nakasuot ng puting damit. At ang sabi ko, "Meda." At nagtinginan sila, alam n'yo na, nang ganiyan. Sila'y... Kaabresiyete ko sila at narito't lumalakad kami...?... tahanan. Oh, nagising ako, at bumangon ako at naupo sa isang silya at umiyak, alam n'yo na. Naisip ko, "Oh, Diyos, sana ay mangyari iyon nang ganun. Kapuwa sila nakaugnay ko sa buhay at naghatid ng mga anak at iba pang mga bagay na tulad niyon, at heto kami at lumalakad papasok sa bagong daigdig, ay naku, kung saan ay may kasakdalan at lahat na. Walang anumang... Aba'y magiging kamangha-mangha iyon. Huwag na di kayo makaparoon; huwag na di kayo maparoon. Sa biyaya ng Diyos, gawin n'yo lahat ng magagawa n'yo, at bahala na ang Diyos sa iba pa. Pagkatapos... Mahal Siya, mahal Siya, Pagka't minahal Niya 'ko,

Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo...

165 Muli natin iyong awitin nang buong puso. Tumingala kayo sa Diyos: Mahal Siya... [Umalis si Brother Branham sa entablado upang ipanalangin ang isang babaeng nasa wheelchair—Ed.] ... Mahal Siya, Pagka't minahal Niya 'ko, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

166 Sige. Hindi inaasahang matatapos niya ang pagtitipon nang buhay. At tama nga. Hayan siya na nakataas ang dalawang kamay, nagpupuri sa Diyos. Iyon ang dahilan kung bakit nagpatagal ako rito. Sasabihin ko sa inyo kung ano ang ginagawa ko sa pagkukuwento ko tungkol kina Meda at iba pa sa kanila. At yaong... Nagmamatiyag ako kung ano'ng... Napapansin ko ang Liwanag na iyon na paikot-ikot at pumunta at nanatili sa ulunan niya. Naisip ko, "Ayun 'yon." Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya. Mahal Siya, mahal Siya, Pagka't minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo

167 Ngayon, sa ating mga puso: [Hinimig ni Brother Branham ang "Mahal Siya"—Ed.] Pag-isipan n'yo lang ang Kaniyang kabutihan at awa. Mahal Siya, (Amen.) Pagka't minaha Niya... Ngayon, kita n'yo kung paanong mas mainam 'yon? Amen. Ayun na 'yon. Ngayon...?... Humayo kayo at gumaling. Ang biyaya ng Diyos ay nagpakita sa inyo upang pagalingin kayo. Amen. Sa Kalbaryo. Oh, luwalhati sa Diyos. Mahal Siya... (Sige, ang inyong pastor.)

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7